# *Ang Pananakop Sa Estados Unidos*

. . . ang kalooban ng Panginoon para sa ilang mga bagay na mangyari kung minsan. Pumunta kami sa Denver, kamakailan lang, at bumalik. Naniniwala ako na gusto kong iulat, 'yung pagtitipon: Isa 'yun sa pinaka magandang pagtitipon na nagkaroon ako sa loob ng maraming taon. Nagkaroon kami ng kahanga-hangang panahon. Nasa mga dalawang libo ang nagbigay ng kanilang mga puso kay Cristo, bukod doon sa mga tumanggap ng bautismo ng Espiritu Santo, bukod sa dakilang mga tanda't kababalaghan na ginawa ng ating minamahal na Panginoong Jesus sa gitna ng mga tao roon sa Denver. Nagkaroon kami ng kamangha-manghang pagbuhos, at ng malaking pagsasama-sama ng mga tao. Nagsimula kami sa mga nasa limang libo, sa simula. At naarkilahan namin ang Mammoth Gardens. At nung ikatlong gabi, ni wala nang lugar para sa mga tao para makatayo roon sa lugar. Nagtamasa kami ng isang kaaya-ayang panahon, sa limang gabi na 'yun.

2 Umalis kami roon, para pumunta sa Canada, ang anak kong binata't ako. At umakyat kami sa kabundukan, at dumating ang isang bagyo ng niyebe. Sa palagay ko'y nabalitaan n'yo 'yun, sa radyo n'yo. At tinatayang sandaan at walumpu't walong tao raw ang namatay rito. At nabalaho kami sa makapal na niyebe sa loob ng—ng—ng ilang araw, doon sa itaas sa mga kabundukan. At dumaan na lang 'yung pagtitipon namin, at kami'y, nakauwi na ngayon, bago kami luluwas uli. Kaya naniniwala kami na ang lahat ng 'yun marahil ay para sa kalooban ng Diyos, na maging isang—isang mas kaaya-ayang pagtitipon 'yun, at iba pa. Mayroon siyang nakaabang para sa amin na hindi namin alam.

3 Naglalakad tayo tila baga sa isang madilim na mundo, pero hindi sa kadiliman. Sumusunod lamang tayo, habang umuusad ang Liwanag, at pagkatapos ay sinusundan natin ang Liwanag.

4 At ang Ama natin na nasa Langit ay marahil may bagay na inilaan na hindi natin alam. Maaaring may kung anong panganib na nakaabang sa dako roon. O, muli, maaaring gumagawa Siya sa isang tao na siyang magdadala. Kita n'yo, sadyang magagawa ng Diyos na gumawa sa isang tao na gaya nun; na babaguhin Niya ang isang buong bansa para lamang sa isang tao na 'yun, para maipasok sila. At kaya alam natin na ang lahat ng ito'y para sa mabuting kaluwalhatian ng Diyos. At pinasasalamatan natin Siya para rito, at sa pagproprotekta sa amin. At gayong marami, na aming . . .

5 Tumulong kami ni Billy na kunin sila, sa tabi ng daan at mga ganoong bagay, na mga taong nabangga't lahat na. Mangyari nga na nakadaan kami nang walang anumang problema. Nabalaho kami sa daan nang isang beses, pero pansumandali lang 'yun. At may isang lalaki nga roon, galing sa isang rantso na bumaba't hinatak kami palabas gamit ang isang traktora. Talagang napadausdos mismo; napakadulas kasi.

6 At isa ito sa mga bagay na hindi nila naranasan... haya't, ang mga matatanda nga rito'y wala silang maaalala na nagkaroon ng ganoong bagyo kahit kailan, sa lalawigang 'yun, sa panahon na 'yun ng taon, sa Roundup, Montana. At kami'y... Alam natin na anupamang bagay na kasing grabe nun, naroon ang kamay ng ating Panginoon sa kung saang dako na 'yun. May kadahilanan 'yun, na para sa—para sa ating ikabubuti. Para sa ating ikabubuti, ganoon nga ito.

7 At mangyari nga na tinawagan ko si Kapatid na Neville, pagkabalik ko, at sabi ko, "Uuwi ako ng Linggo. At—at kung gusto mo ako, na pumunta't siguro'y mag-Sunday school, siyanga't, sige." At sabi ko, "Kung ganoon ako'y... at ikagagalak ko nang husto na makapunta."

8 Sabi niya, "Aba, siyempre naman, Kapatid na Bill." Sabi, "Ikagagalak namin nang lubos sa tuwina na makapunta ka," na may isang napakalaking bukas na puso't malugod na pagtanggap, na gaya nun. At pagkatapos inanunsyo 'yun sa programa niya sa radyo, kahapon. Kaya nagpapasalamat tayo para sa lahat ng mga bagay na ito.

9 At ngayong umaga, ngayon, dahil sa Araw ng mga Nanay. Karamihan sa mga tao, makakapakinig kayo ng mga pangangaral ukol sa Araw ng mga Nanay sa lahat ng dako, at nangungusap ang mga tao tungkol sa nanay, na sa tingin ko'y kahanga-hanga po. Isasantabi muna natin 'yan para sa natitirang gawain.

10 Ngayong umaga ay naianunsyo ko na, na, isang—isang paksa tungkol sa *Ang Pananakop Sa Estados Unidos*, ang gusto kong ipangusap. Na, narinig n'yo na marahil sa pagsasahimpapawid sa inyo sa radyo, at marami kayong maririnig na mga ganoon ngayong araw. At magkakaroon din naman ng isang pangangaral para sa Araw ng mga Nanay, marahil, ngayong gabi sa mga gawain. At kaya naman naisip ko, na ngayong umaga, ay ipapabatid ko naman, "ang—ang pananakop."

11 Naipangusap ko na ang tungkol dito sa Denver, dito, pero hindi ganoon na ganoon sa pagtatalakay na balak kong ipahayag ngayong umaga, kung loloobin ng Diyos. At, ito, nagkaroon ako ng kaaya-ayang panahon dito. Talagang nagpala ang Panginoon sa isang kahanga-hangang paraan. Para bang nagbubunsod ito sa atin ng isang...

12 Kailangan mong maliglig nang kaunti, para mapagtanto mo kung tungkol saan ito, hindi po ba, kung minsan? At idinadalangin natin na ibubunsod ito ng Diyos.

13 At, siyanga pala, sa dako roon, noong matapos kami... Ang Business Men of Denver ang nagtaguyod po sa pagtitipon, at medyo kakaibang tagapagtaguyod ito kaysa sa mga dati na nagkaroon ako.

14 At kadalasan, ang mga ministro, kapag itinataguyod nila ang pagtitipon, sasabihin n'yo... "Inanunsyo mo ba ito?" "Oo, sa iglesya." At ganoon lang. Mga pastol po ang mga ito; kaya gusto nilang ang kanilang kawan ang makaalam tungkol dito. Mainam naman na tugon 'yun. Yun ang linya ng gawain nila.

15 Pero medyo kakaiba ang Business Men. Gusto nilang ipaalam sa mundo ang tungkol dito, kaya naman naglalagay talaga sila ng mga nasa tatlo o apat na libong dolyar na halaga ng pag-aanunsyo sa lahat ng maliliit na mga bagon ng tren, sa mga taksi, sa lahat ng mga bumper ng mga sasakyan, at sa lahat ng dako mismo. Kaya nagkaroon kami ng kaaya-ayang panahon.

16 Noong matapos na ang gawain, tinawag nila ako sa isang tabi, sabi, "Kapatid na Branham, ano nang maaari naming gawin para sa iyo ngayon? Ano ang utang namin sa'yo?"

17 Sabi ko, "Aba, siyempre, wala." Sabi ko, "Wala kayong utang sa akin." Sabi ko, "Kayo na, ang magbayad ng bayarin ko sa hotel, sa dako rito, kung gusto n'yo."

18 "Oh, may gusto kaming gawin para sa iyo." At ayaw nila... Ayaw kong tumanggap ng anuman mula sa kanila.

19 Kaya tinawag sila nung tagapangasiwa. Sabi niya, "Sa palagay ko parang mahilig siyang mangaso at mangisda, hindi ba?"

Sabi niya, "Oo."

20 Kaya 'yung isa sa mga negosyante'y may rantso roon sa itaas, at sabi niya, "Yun na lang ang ireregalo ko sa kanya."

21 Buweno, umakyat si G. Moore para tingnan 'yun. Kinailangan niyang bumalik nang halos tatlumpu't limang milya, habang sakay sa kabayo. Sabi ko...sabi ni G. Moore, "Gusto kong makitang nakasakay si Kapatid na babaing Branham sa isang kabayo, sa pagbalik doon." Kaya siya, sila, at...

22 Pero, pagkatapos nun, mangyari nga, na nagpunta sila roon sa isang homestead sa Silver Plume, Colorado. Yun nga'y parang nasa gawi naman na ito. At bumili sila ng isang maliit na rantso sa dakong 'yun, at nagtatayo na ng limang-silid na tahanan sa dako roon para raw sa akin ngayon para...sa Silver Plume, Colorado, na nasa gitna mismo ng kabundukan. Kaya, kayong mga mangingisda, sa palagay ko magandang oras ito, mangyari nga na magiging magandang lugar 'yun para makapagpahinga,

at siguro'y pagkatapos mismo ng mga pagtitipon at iba pang bagay, kung ipahihintulot ng Diyos. Nakasalalay ito sa Kanya, kita n'yo.

23 Nais ko ngayon na ituon ang inyong pansin sa Salita. At talagang gustung-gusto ko ang Salita, ang buhay na Salita ng Diyos. Haya't, sa loob ng Salita'y ang Buhay. Ngayon, "Ang Salita, ang letra, ay pumapatay, subalit ang Espiritu ay nagbibigay-Buhay." At ang Buhay ay naroon sa Salita, dahil ito ang Salita ng Diyos. Ang Buhay ay nasa Salita Nito.

Halimbawa sasabihin ko sa inyo, "Bibigyan kita . . . "

24 Sasabihin n'yo, "Nagugutom ako, ngayong umaga, Kapatid na Branham. Maaari mo ba akong bigyan ng limang dolyar?"

25 Sasabihin ko, "Sige bibigyan kita." Ngayon, nakapaloob nga roon ang buhay kung papaano nga na may nakapaloob sa pangako ko.

26 Ganoon din ito sa Diyos. Kapag nangako ang Diyos ng anuman, kung ganoon kung ano ang Diyos, ang Kanyang . . . Marapat mismo na Siya'y nasa Kanyang Salita. Kita n'yo? Ang Salitang ito'y katumbas . . . Ang Salitang ito'y sadyang kapareho ng Diyos. Ito ang Diyos.

27 Ang salita mo ay kung ano ka. Ito ang garantiya mo; 'yan ang tawag natin diyan. Ang garantiya mo'y ang salita mo. Kung hindi namin mapaniwalaan ang salita mo, kung ganoon hindi ako maaaring magkaroon ng kumpiyansa. Pero kung mapaniniwalaan ko ang salita mo ukol sa kahit na ano, kung ganoon ito'y isang taong marangal.

28 At sinabi ng Biblia, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos." Kita n'yo? Kita n'yo? "At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin."

29 Kung iisipin natin, ito, ang lupang ito na ginagalawan natin, ngayong umaga, ay ang Salita ng Diyos. Ang punongkahoy na *Iyon* ay ang Salita ng Diyos. At kayo, ang katawan n'yo, ay Salita ng Diyos. Sinalita ito ng Diyos sa kaganapan nang paganoon, ginawa ito mula sa kawalan; na walang kahit na ano.

30 Napansin n'yo na ba ang buhay ng tao, kung saan ito nagmula? Isang munting selyula, napakaliit na hindi ito nakikita ng mata ng tao; sa pamamagitan lamang ng isang matinding, superyor na mikroskop. At mula roon ay lumitaw ang sandaan-at-limampu, dalawang-daang-librang lalaki. Saan ito nagmula? Kita n'yo? Sinalita ito ng Diyos, at basta na lamang nagsimula ito, ayon sa kalikasan, haya't lumalaki, at doon nga'y eksakto itong nagbunga. Sinalita Niya ang bawat punongkahoy, ang lahat, na magkaroon ng kaganapan. At ito'y isang napakaganda't, kahanga-hangang bagay, ngayong umaga, na pagmasdan ang Salita ng Diyos.

31 Ngayon, ito, ngayong umaga, sa Lumang Tipan, sa pagbuklat sa Mga Cronica. Medyo pagal lang ako. . .Sige't habang bumubuklat kayo ngayon sa Mga Cronica, sa ika-18 kabanata. Medyo pagod lang. Pero kung loobin ng Panginoon. . .

32 Hindi ako sigurado; mas malalaman natin sa Miyerkules pa ng gabi. Kung loobin ng Panginoon, at kung ang iglesya'y mapangunahan sa ganoon, nais kong kunin ang Miyerkules, Huwebes, Biyernes, Sabado, at Linggo, bilang rebaybal dito, pagtuturo lamang na rebaybal mula sa Salita. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Miyerkules, Huwebes, Biyernes, Sabado, at Linggo, haya't pagtuturo lamang sa Salita; hindi mga gawaing pagpapagaling, kundi pagtuturo mismo. Marahil pangungunahan tayo ng Panginoon sa ganoon. At pagkatapos tayo. . .Talagang gustung-gusto kong makapiling kayo at magkaroon ng pakikipagbuklod sa palibot ng Salita, na kasama kayo. Salamat, nang marami, para dun sa mainam, na kaaya-ayang "amen."

33 Ngayon, sa ika-18 kabanata ng Mga Cronica, at simula sa ika-12 talata, nais nating itatag ang ating mga pag-iisip, sa loob lamang ng ilang saglit na ito sa mahalagang paksa sa araw na ito. Unang Mga Cronic-. . .O, Ikalawang Mga Cronica, ipagpaumanhin n'yo. Ikalawang Mga Cronica 18:12, at babasahin natin ang isang bahagi nito rito, at tingnan natin kung anong ibig ipabatid sa atin ng Panginoon.

> *At ang sugo na yumaong tumawag kay Micaya ay nagsalita sa kaniya, na sinasabi, Narito, ang mga salita ng mga propeta ay nagsaysay ng mabuti* sa *hari na magkakaisa; isinasamo ko nga sa iyo, na ang iyong salita, ay maging gaya ng isa sa kanila, at magsalita ka ng mabuti.*
>
> *At sinabi ni Micaya, Buhay ang* P*ANGINOON*, *kung ano ang sabihin ng aking Dios, yaon ang aking sasalitain.*
>
> *At nang siya'y dumating sa hari, sinabi ng hari sa kaniya, Micaya, magsisiyaon ba kami* sa *Ramoth-galaad upang makipagbaka, o* kami'y *uurong? At sinabi niya, Magsiyaon kayo, at magsiginhawa nawa, at sila'y mangabibigay* sa *inyong kamay.*

34 Ngayon, upang itatag ang isipan natin sa loob ng ilang saglit; isang pagdulog na salita lamang sa Kanya muli, tungkol dito.

35 Makalangit naming Ama, nang may mga pusong nagpapasalamat nang lubos ay lumalapit kami sa Iyo ngayon, alang-alang sa mga kaluluwang naliligaw, alang-alang sa mga nangangailangan, alang-alang sa iglesya. Nawa, ang Espiritu Santo'y pumasok nang dali-dali ngayon sa Salita, 'yan po ang dalangin namin. Dalhin Ito mismo nang diretso sa bawat puso rito na may pangangailangan. At sa sandali na ihatid Niya ang Kanyang Mensahe ng kapangyarihan ng Salita sa puso,

lumago nawa kami sa pamamagitan Nito, ngayong umaga; na humahayo, lalabas ng tabernakulo, na nagagalak at pinupuri ang Diyos, habang sinasabi, "Talagang nag-aalab ang aming mga puso sa loob namin, dahil sa Kanyang Presensya." Sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

36 Nakabase ang eksena natin, ngayong umaga, sa isang trahedya. At ang Lumang Tipan, sa akin, ay isang anino sa tuwina o isang—o isang paunang pagtataya ng Bagong Tipan. Maraming beses, may nakapagsabi, "Kapatid na Branham, bakit mo palaging tinatalakay ang Lumang Tipan? Halos palagi 'yan, na kapag kukuha ka ng isang teksto, bumabaling ka pabalik sa Lumang Tipan." Ginagawa ko po 'yun dahil gusto ko ng pagtitipo. Gusto ko . . .

37 Napakalimitado po ng edukasyon ko, gaya ng nalalaman n'yo nang lahat. At ang tanging paraan na nalalaman kong nalalapit ako sa tama, ay ang tingnan kung ano 'yung pagkakatulad, na pag-aaralan 'yung blueprint at titingnan kung ano ito. At pagkatapos ay malalaman ko kung ano *iyon* noon na magiging bagay na kawangis nung kung ano *ito* sa ngayon, dahil anino lamang ito nito. At palagi akong bumabaling pabalik sa Lumang Tipan para makita kung ano ang ginawa ng mga anak ni Israel, tinitingnan ko kung ano ang kaparusahan ng kasalanan, tinitingnan ko kung ano ang hustisya ng mga propeta, tinitingnan kung ano ang lahat ng mga bagay na 'yun noon; at pagkatapos ay magkakaroon ako ng ideya kung ano *ito* rito, na pauna nang ipinakita kung ano ang kahahantungan nito sa pangkalahatang patutunguhan sa dulo.

38 Sa panahong ito, may isang malaking bagay na nangyari sa Israel. Naroon ito sa kadiliman ng hatinggabi.

39 Sa Lumang Tipan, kung loloobin ng Panginoon, marahil sa mga darating na gawain, gusto kong ipakita kung papaano tumitipo ang Pitong Kapanahunan ng Iglesya sa Lumang Tipan. Kung papaano sila nagsimula nang katulad na katulad sa—sa pasimula ng Mga Kapanahunan ng Iglesya ng iglesyang Gentil, at tumugaygay mismo sa isang kahalintulad na madilim na panahon, at lumabas tungo sa maluwalhating panahon ng Pentecostes, sa pagbaba noon ng Espiritu Santo sa sinaunang iglesya ng . . . sa dispensasyon ng mga Judio. Pagkatapos tumugaygay naman sa panibagong yugto ng iglesyang Gentil, sa isang madilim na panahon, at pagkatapos ay lalabas muli tungo sa Milenyum, sa katapusan.

40 Ngayon, kung papaanong doon sa kalagitnaang mga siglo noon, ang bantog na haring Ahab na ito'y naluklok sa kapangyarihan. At siya'y para bang nakikisakay sa reputasyon ng ibang mga haring Israelita, na isang . . . Si Ahab, mismo, ay para bang isang—isang alanganing mananampalataya. Madalas ko siyang isinasalarawan na ganoon, dahil kung minsan ay

naroon siya sa panig na *ito* nung bakod, tapos kung minsan ay naroon naman siya sa panig na *'yun* nung bakod.

41 Hindi mo kailanman malalaman kung saan ka tatayo, kung isa kang tao na hindi matatag ang paninindigan kagaya nun. O, ang isang tao na nag-aangkin lang na Cristiano, at ganoong kawalang katatagan, hindi mo alam kung anong gagawin mo sa taong gaya nun. Ngayon Cristiano sila; bukas hindi mo na alam kung nasaan na sila. Nasa simbahan ngayon, nagagalak sila't umaawit-awit at nagpupuri pa sa Diyos; at bukas, iinom ng alak sa labas, nakikipaglasingan, kung saan-saan nagpupupunta. Kung ganoon ang ganoong uri ng tao'y mahirap magawan ng kahit ano.

42 Naaalala ko, noong bata ako, nagkaroon kami dati ng isang— isang matandang kabayo, na palaging naglululundag sa mga bakod dati. At sa palagay ko marami sa inyo na kalalakihan, na kaedaran ko, ang tanda 'yung panahon pa ng mga kaba-kabayo, panahon pa ng kalesa. Nasubukan ko na noon ng maraming beses na, dito mismo sa kalsadang ito, na magdadala ng kalesang hatak ng kabayo, mismo. Kuwarenta y singko na ako. Kaya, sila. . .Naaalala ko, 'yung matandang kabayo na 'yun, naglalagay kami ng pamatok sa leeg niya, gaya ng ginagawa n'yo sa baka, para pigilan 'yung kabayo na tumalon sa bakod. Naku't tumatalon pa rin siya, siyanga. At pinapatungan ito mismo ng pamatok at pinatatalikod, at kung anu-ano pa. Inaakyat pa rin niya 'yung bakod. At isang araw, ang nangyari sa kanya. . .

43 Iniisip ko kung ano kaya 'yung nakatawag-pansin sa matandang kabayo. At may malaking lukab doon sa lupa. Ngayon, 'yung tinatayuan niya'y alfalfa na, oh, malalago pa nga, pero gusto pa rin niyang. . .May ilang dahon kasi ng orchard grass doon sa lukab. At lumundag siya dun sa bakod at bumuslo siya roon sa lukab kung saan naroon ang lahat ng mga alambre't bubog, kung saan namin inaano. . .doon nga sa aming—aming tambakan, at napunta siya roon para sumabsab ng ilang subo ng orchard grass. At kinailangan pa naming kumuha ng ilang kabayo at para hilahin siya palabas doon sa lukab. Nung mahulog siya roon, nasabit-sabit siya. At noong makalabas na siya roon, nanginginig siya't nagdurugo, at—at ganoon mismo ang lagay niya, sa kadahilanan na gusto niyang makasabsab ng sansubo, o dalawa, ng orchard grass, samantalang nakatayo na siya sa alfalfa, na halos hanggang tuhod na niya.

44 Madalas kong naiisip ang senaryong 'yun. "Mahirap ang landas ng isang masuwayin." Hindi nga siya makapirmi lang sa dako kung saan siya kumakain at nagtatamasa ng masarap na panahon, anupa't. . .kinailangan pa niyang lumundag ng bakod at magkapasa-pasa at masugatan nang ganoon, para lang makasabsab ng sansubo ng—ng damo na kung anong ibang uri. Ngayon, ganyan mismo ang ginagawa ng mga tao, na

tumatalon sa bakod ng pastulan ng Diyos. Naniniwala ba kayo roon? Lumalabas sila, lalabas ngayon; papasok. Nasa loob ng simbahan, na nagtatamasa ng maluwalhating panahon; tapos, kinabukasan, tatalikod para sa ganoong bagay. Pinahihirapan lang nila ang sarili nila.

45 Si Ahab ay humigit-kumulang ganoong klase ng tao. Kung saang direksyon iihip ang hangin, doon nagpapalayag si Ahab, kung ito nga'y sa panig na *ito* o sa panig na *iyon*. Ang nagbigay sa kanya ng problema ay 'yung pag-aasawa niya, sa isang munting babae na munting prinsesa, na anak na babae ng isang hari, na isang Jezebel. Marikit kung titingnan, napakagandang babae, pero sa puso niya'y masama siya. At isa siyang mananamba sa mga diyus-diyosan, at siya ang naging dahilan kung bakit ang buong Israel ay . . .

46 Ngayon, gusto ko pong huminto riyan nang ilang minuto lamang, siyanga, para dumako sa pinakasentro ng pagiging nanay, kita n'yo, riyan. At kapag ang isang lalaki'y mag-aasawa; ang klase ng dalaga, na babae na kanyang . . . Dapat mas higit pa sa titingin lang sa itsura kung maganda. Kinakailangan mong pumili ng isang tao, na isinasaalang-alang ang parehong kaluluwa't katawan; na isang tao na talagang magiging kaibigan mo't katuwang, na mananatiling tapat sa iyo sa hirap at ginhawa.

47 Ngayon, pero, si Ahab, siya'y nahulog sa kanya dahil maganda siya, sa palagay ko, at inasawa niya. Wala na ngang anupamang iba ang makikita kay Jezebel, dahil, siya'y masama mismo. At pumunta siya roon. At pagkatapos, mangyari nga, na nahuhumaling ang hari sa kanya na gaya nun, at mahal na mahal siya, aba, ibinunsod ng hari na ang buong Israel ay magkasala't lumaban sa Diyos, at giniba ang mga dambana ng Diyos; ang itinayo'y mga dambana ni Baalim. At nagkaroon sila ng pagsamba kay Baal sa buong Israel, noong panahon na 'yun.

48 Ngayon, 'yung asawa niya ang nagsanhi kay matuwid na Nabot . . . Marami sa inyo ang nakabasa na nung nangyari sa kanya. Kung papaanong kinuha nung hari ang halamanan nito, sa pamamagitan ng pandaraya; nanumpa, ng isang kasinungalingan, at may mga bulaang saksi laban sa lalaki. Dahil, naghangad si Jezebel na gumawa ng isang bagay para sa kanyang asawa; at pinatay ang isang matuwid na lalaki, para maangkin 'yung isang halamanan na katabi't malapit sa lupain ng palasyo.

49 Lahat ng ito, ang Diyos nga'y nakatunghay. Kaya naman ang propetang, si Elias, na isang dakila't, makapangyarihang lingkod ng Panginoon, ay nagpropesiya't sinabi kay Jezebel kung anong mangyayari sa kanya. At sinabi niya kay Ahab na hihimuran ng mga aso ang sarili nitong dugo. Ngayon, kapag nagsabi ang Diyos ng anuman . . . Mangyari nga, na

noong panahong ’yun, ang direktang Salita ng Panginoon ay dumarating sa pamamagitan ng propeta.

50 “Ang Diyos, sa iba’t ibang panahon at sa iba’t ibang paraan ay nagsalita sa mga ninuno sa pamamagitan ng mga propeta, na sa huling araw na ito ay sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Cristo Jesus.”

51 Kaya, *Heto* ang Salita. At kung may anuman na salungat *Doon*, iwan n’yo ito. Kita n’yo? Ngayon, pangalawa, nagsasalita Siya ngayon sa pamamagitan ng propeta, ang tagakita, at iba pa. Pero ang una’y *Heto*, ang Salita. Ngayon. . .

52 At ginawa ni Ahab ang kasamaang ito. At nagpatuloy lang siya; na pinagpapala ng Diyos ang mga tao sa loob ng maraming taon. At, pagkatapos, si Josaphat ang hari ng Juda, habang si Ahab naman ang hari ng Israel.

53 At, mangyari nga, na isang lalaking matuwid si Josaphat. Anak siya ni Asa. Si Asa’y isang—isang lalaking matuwid, at giniba niya noon ang lahat ng mga dambana ng—ng mga diyus-diyosan; itinayo niya ang mga dambana ni Jehovah. At may isang—isang rebaybal sila roon, tila ba, doon sa Juda.

54 At pagkatapos di katagalan, si Josaphat, o si Ahab pala, ay nagsugo, at napag-alaman niya ang tungkol sa isa pang bahagi ng lupain, sa Syria, na naisip niyang pagmamay-ari niya, na naisipan niyang puntahan at kunin. Kaya tinanong niya itong si Josaphat kung makahahayo siya’t makikipag-alyansa sa kanya.

55 At, tunay nga, may malaking panganib, kita n’yo, noong makita nila ang dakilang haring ito, na si Ahab, sa dako roon, at nakita nila itong isang dakila rito, na si Josaphat; ang isa sa kanila’y, sala-sa-init sala-sa-lamig; ang isa naman, isang lalaking puspos ng Espiritu. Matyagan n’yo kung paano kayo nakikipag-alyansa. Matyagan n’yo ang ginagawa n’yo, kung papaanong nakikipamatok kayo sa mga di-mananampalataya. Panatilihin n’yo ang sarili n’yo na malinis lalo na sa araw na ito na kinabubuhayan natin.

56 Naniniwala ako, iglesya, nang walang anino ng pag-aalinlangan, ito po’y nakakintal sa puso ko. Yan po ang dahilan kung bakit inaabangan ko ang limang gabi na ’yun, sa lalong madaling panahon; upang minsan pa, bago ito mangyari, ay bigyan ang iglesyang ito ng mapanuyod na pagsasaayos, sa pamamagitan ng Biblia.

57 Nabubuhay na tayo sa mga anino ng panahon. Maaari itong mangyari anumang oras. Kapag nakita nating dumarating na ang mga panahon para mangyari ang mga bagay-bagay; ang mismong kasamaan ng kaaway, ang mismong mga kapangyarihan. Natutunghayan natin itong mga bagyo ng niyebe’t lahat na ng nangyayari, ang lahat ng mga salot na ito, lahat ng iba’t ibang bagay. Sanhi ’yan ng mga interupsyon, ng pagpapaputok ng mga bomba’t mga bagay-bagay. Napaglalabo-

labo nila ang mga bagay rito. At kung anu-anong kaguluhan ang ginagawa nila sa malaking laboratoryo ng Diyos, upang isakatuparan ang Kanyang Salita. Mangyayari nga ito.

58 Kaya, "ang taong makasalanan" ay lumilitaw na, sa kapangyarihan, na lubos ang pandaraya. Grabe. Narinig ko ang isang ministro nito lang umaga, isang lalaking puspos ng Espiritu, na tinatalakay ang tatak ng hayop at sinasabing ang Rusya raw ang anticristo. Napakalaking pagkakamali. Uh-huh. Walang kinalaman ang Rusya rito. Wala, po. Batay 'yan sa Kasulatan. Ngayon, pansinin n'yo po sa mapanganib na panahong ito na ating kinabubuhayan, ang isang babala.

59 Ngayon, itong si Josaphat, para bang nakagaganda sa pakiramdam niya nung sinabi ng dakilang hari ng Israel, "Pumarito ka, dalawin mo ako." At nagpunta siya roon. At nagdala sila ng baka at tupa, at ng iba pa, sila nga'y nag-alay. Pero noon pa, sa kaibuturan ng puso ni Ahab, isa siyang mandaraya, dahil hindi siya sumasamba roon sa...o naghahandog ng mga tupa't mga bagay-bagay na may tapat na puso, dahil, kung tutuusin, mas kinilingan niya ang relihiyon ng asawa niya.

60 At pansinin n'yo, kung papaanong pinakasalan ni Ahab si Jezebel sa panahon ng napakatinding madilim na kapanahunan na 'yun ng Israel, dinala niya ang pagsamba sa diyus-diyosan sa Israel, na katipong-katipo ng panahong ito. Doon nga sa panahon ng madilim na kapanahunan; noong lumabas tayo't umusad mula mga sinaunang apostol, sa pangalawang yugto, pangatlong yugto, patungo sa madilim na kapanahunan, 'yung labinlimang daang taon. Kung papaano mismo na pinakasalan ni Ahab si Jezebel at naghatid 'yun ng pagsamba sa mga diyus-diyosan sa Israel, ganoon din ang iglesya ng Espiritu Santo na nagpakasal sa mga ismo, at ibinalik ang pagsamba sa diyus-diyosan, at sa panahong ito'y isa na 'yung anyo ng Cristianismo. Kita n'yo? Kita n'yo, talagang napakadilim mismo. At ngayon palala ito nang palala, bawat araw; palala nang palala din ang bawat kapanahunan ng iglesya patungo sa ganoon ding bagay, patungo sa pinaka kasukdulan, na sasapit sa sala-sa-init sala-sa-lamig na kalagayan, sala-sa-init sala-sa-lamig na Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea. Oh, grabeng kakila-kilabot na oras 'yan na kinabubuhayan natin.

61 Makinig kayo. Gusto kong magtapat dito mismo, bago lamang ako magpatuloy. Isa akong makalumang mangangaral na nananabik na makitang muli ang mga yumaong araw. Napakarami ko nang nakikita na pagpapanggap na ganito, pinagiging kahali-halina na ng Hollywood ang Ebanghelyo, hanggang sa ako'y masusuka na't pagod na rito. Siyanga, po. Gusto kong makita 'yung makaluma. Ikinalulungkot ko na masyado nating pinagiging kaakit-akit ang Cristianismo para sa mga tao; isa 'yang mapanganib na linyang hangganan.

62 Ngayon, nagpunta si Josaphat, sa isip-isip niya, "Oh, buweno, ang dakilang hari ng Israel na ito, ako nga'y... Oh, kami'y...Ayos nga ito." At doon mismo sa gitna ng lahat nitong enggrandeng pambibighani, anong ginawa niya? Nakipag-alyansa siya, upang pumaroon at upang labanan ang kalaban, sa napagkasunduang batayan, dahil sabi nila, "Pareho naman tayong iisang bayan." Pero hindi. Ang isa'y puspos ng Espiritung grupo, at 'yung isa nama'y sala-sa-init sala-sa-lamig na grupo. Hindi sila iisang bayan. Hindi, po. Hindi ka maaaring magkaroon...

63 Hindi puwedeng makisama ang dilim sa liwanag. Ang—ang gabi'y hindi maaaring umiral sa presensya ng liwanag ng araw. At ang pinaka nakalilinlang na oras kailanman, ay ang pagitan ng mga oras na 'yun. Doon mismo kung kailan papalubog na ang araw o papasikat na, 'yan ang pinaka nakalilinlang na oras. Walang sapat na paningin para makakita nang malinaw; hindi nagliliwanag nang mabuti't malinaw ang mga bumbilya mo sa iyong sasakyan. Mas mainam pa 'yung madilim mismo o maliwanag mismo. Sabi ni Jesus, "Maging mainit ka o malamig, hindi sala-sa-init sala-sa-lamig." Hayan nga't, nasa delikadong linyang hangganan kapag ganyan.

64 At pagkatapos si Josaphat, pagpunta niya, at pagkatapos nga'y nabuo ang malaking alyansang ito, na hindi nakalugod sa Diyos. At pansinin n'yo, sa panahon mismo na siya'y, sa lahat ng pananabik na 'yun, "Nakasumpong ako ng pabor sa haring ito. At, oh, ako'y—ako'y—ako'y nagkaroon na ng pakikisama sa kapitbahay na ito. Ako'y may..."

65 Kita n'yo, mag-ingat kayo, roon, iglesya. Kita n'yo? Yun ang nagbubunsod ng lahat na mga problema sa paligid ng tabernakulong ito rito, at maging sa palibot ng iba pa. Kita n'yo? Mag-ingat kayo tungkol sa kung ano ang ikinahahalubilo n'yo. Kita n'yo? Lumabas kayo agad, at kayo'y maging para kay Cristo o maging laban sa Kanya. Kita n'yo?

66 Ngayon, ang lalaking ito'y nakipag-alyansa, at inakala niyang nakagawa siya ng isang bagay na kahanga-hanga. Sa kabila nun, mangyaring sinabi niya, "Wala ba ngayon, bago tayo umahon doon, na dapat tayong sumangguni muna sa Panginoon ukol dito?" Ngayon, may sapat na relihiyon na natitira pa kay Josaphat, sa kabila ng pagkakamali niya, na nagpunta siya roon sa haring ito, pero haya't may sapat siyang relihiyon na natitira pa sa kanya para maisip, "Buweno, dapat kaming sumangguni man lang sa Panginoon."

67 Ngayon, sasabak lang sana roon si Ahab nang wala man lang kung anong pagdulog; didiretso na lang sa ganang kanyang sarili lamang na mekanikal, pisikal, na pantaong pamamaraan ng paggawa ng mga bagay-bagay.

68 Napapaisip lang ako rito, iglesya, na hindi ba't, maraming beses, nakakagawa tayo ng mga pagkakamali. Iniisip natin, at sinasabi, "Buweno, dapat *ganito* 'yun," at itinatakda natin nang paganoon.

69 Sa palagay ko diyan nakasadlak ang marami sa ebanghelismong Amerika sa panahong ito, na inilagay natin 'yun sa isang anyo ng—ng, masasabi kong, ebanghelismong Hollywood, na panay pambibighani. Mapapansin natin na pupunta ang ebanghelista sa entablado, ngayon, at, grabe't, importanteng tao ang tingin niya sa kanyang sarili, at napakaraming biro ang sinasabi bago siya mag-umpisang mangaral, at mga ganoong bagay, at walang pakialam sa ginagawa't umaakto na parang payaso, sa pulpito. Na kapag oras na para magtawag ng pagdulog sa altar, walang nakikita ang mga tao ni kataimtiman para dumulog sa altar. Siyanga. Yan ang dahilan kung bakit humantong ang mundo sa sala-sa-init sala-sa-lamig na kalagayan ngayon, na kinasasadlakan nito.

70 Naiisip ko, sa panahong ito. Ano na lamang, sa panahong ito, aking. . .Ang iglesya, ipinapadala na lang natin ang mga anak nating lalaki sa eskuwelahan, para matuto ng sikolohiya't, iba pang gaya nun, para matutuhan kung paano bumuo ng programa, paano ang akyat sa pulpito at paano mag-ayos ng ating. . .Yung iminemensahe'y labis na nakaka-engganyo, na mapupukaw nun ang mga tao, at mahuhuli ang kanilang atensyon. At maraming mahuhusay na sikolohista ang nagiging mga tagapagturo na gaya nun, at nagdradrama't isang buong palabas na lamang ang ginagawa. At napapaisip nga ako, kapag kanilang. . .na. . .Lagi nating binabanggit ang tungkol sa kabighanian at ang pantawag-pansin ng iglesya. Pero bigo nating sabihin sa kanila, "Ang susunod sa Akin, ay tanggihan niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa Akin." Napapaisip nga ako't ano kaya kung masyado na nating pinaging kabigha-bighani ang kagandahan ng iglesya, para sa tao na pumapasok.

71 Halimbawa, may slogan ang iglesyang Baptist ngayon, "Isang milyon pa sa '44," tumatanggap ng mga miyembro na libo-libo ang bilang, at makasampung libo-libo, na hindi naman napagbagong-loob, na mga taong pumasok lang at umanib sa iglesya. At isang hadlang 'yan sa Iglesya ni Jesus Cristo, na tumanggap ng ganoong mga miyembro. Umiinom pa rin sila ng alak. Naninigarilyo pa rin sila. Nagsusugal pa rin sila. Nagsisinungaling pa rin sila.

72 Dumadalo sila sa simbahan, na umaasang maaaliw ng isang grupo ng mga ebanghelistang Hollywood na tumatayo roon, kalakip ang maraming pambibighani, at maraming malalaking instrumentong nakalagay sa itaas-at-ibaba ng entablado.

73 Gayong, ang dapat sana'y magkaroon sila ng makaluma't,

una-ang-Diyos, na mga pag-iyak, pagdulog sa altar doon; kung saan ang mga kalalakihan at kababaihan ay hindi sumasadya roon para sa kabighanian, o para dumako roon at umakto na isang payaso, kundi manikluhod sa may altar at mapagbulay ang kamatayan ni Jesus Cristo roon, na namatay para sa kanila, na sila'y manunumbalik sa katapatan sa Diyos muli.

74 Iniisip ko kung hindi ba't nabubuhay na tayo sa ganoong uri ng panahon, na tumatanggap tayo ng bantog na mga ebanghelista, gaya ng maraming humahayo-hayo sa mga lupain ngayon, na mga tanyag na ebanghelista na nag-aaral ng sikolohiya at inaakit ang mga tao sa simbahan. Pero pagkatapos n'yo silang maipasok sa simbahan, hayan nga't anong gagawin n'yo sa kanila pagkatapos? Anong—anong mangyayari pagkatapos nilang pumasok sa simbahan? Basta lang sila umaanib sa iglesya, at babalik na taglay pa rin ang dating kasalanan at dating pagnanasa na taglay nila sa pagpasok sa simbahan. Bumabalik sila nang ganoo't dati pa rin. At 'yun ang dahilan, ngayon, na ang tinitingnan ng mundo, nagsasabi, "Buweno, basta't may relihiyon ang lalaking *iyon*, basta't ang taong *ito* ay may relihiyon . . . "

75 Ikinalulungkot ko na pinaging kaalwanan natin nang masyado. Ito'y, nais ko . . . sa palagay ko, ang kagalakan, siyanga't, naniniwala akong ang lahat ng kagalakan ay nakay Jesus Cristo. Tama. Naniniwala akong ito'y maligaya't masaya. Pero tandaan n'yo, kapatid, ito'y daan din ng matinding paghihirap at pagdurusa at ng krus. Dapat n'yo ring mapagtanto 'yun, siyanga. Tama. Iniisip ko na hindi kaya ipinipinta natin ito nang medyo—medyo maalwal nang masyado.

76 Gaya ng, may tinitingnan ako, at naglagay ang maybahay ko ng . . . Papalabas na ako noon, at naglagay siya ng isang rosas sa amerikana ko kaninang umaga. Sabi niya, "Isuot mo dapat ito. Nabubuhay pa ang nanay mo."

At sabi ko, "Oh, mahal, di ko lang alam."

77 Kahanga-hanga ang Araw ng mga Nanay, pero 'yun nga'y napaging parang mundo na, ginawa nang nego-negosyo, para lang makapagbenta ng mga bulaklak at mga bagay na tulad nun. Aba, ito'y isang kasiraan sa diwa ng pagiging nanay. Aba't, ang nanay ko'y ang nanay ko sa bawat araw ng taon, siyanga, po, hindi lang isang araw.

Sasabihin ko, "Mahal n'yo ba ang nanay n'yo?"

78 "Pinadalhan ko siya ng pumpon ng mga bulaklak noong nakaraang Araw ng mga Nanay." Buweno, kapatid, dapat siyang alalahanin bilang nanay araw-araw. Pero naging nego-negosyo na lang.

79 Maganda naman 'yang bulaklak na 'yan. Gustong-gusto ko ng magandang bulaklak. Yan ang naiisip ko dahil ganoon naman talaga ako . . . Napakaganda talaga ng bulaklak.

Namumukadkad ito. At mayroon itong mabangong samyo. At naaamoy ito ng napapadaan. Napapadaan ang hayop, inaamoy ito. Pero, ngayon tingnan n'yo, maganda ito. Gaya ng Iglesya ng Panginoong Jesus Cristo, Ito'y ang pinaka marilag na bagay; mga Makalangit na kagalingan, at mga kapangyarihan, at mga kababalaghan, at mga tanda, at mga himala, at paglaya mula sa kasalanan. Isa itong magandang dako. Pero, tingnan n'yo, kung ang rosas na 'yun . . . Kinakailangan nating lahat na humantong, ang Iglesya, gaya ng lahat ng kalikasan.

80 Ang rosas na 'yun, dahil sa pagiging maganda, hihimuran ito ng bawat baka sa parang kung may pagkakataon ang baka. Pero nagkaloob ang kalikasan ng maliliit na bayoneta, mumunting mga tusok-tusok na nakausli roon, na tinatawag na mga tinik, at kaya hindi 'yun ginagalaw ng mga baka. Yun ang nagproprotekta rito. Ganoon nga mismo.

81 At sa tingin ko, ngayon, kung wala tayong Salita ng Diyos, na mas matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim, na nakapalibot sa kagandahan ng kapangyarihan ng kabanalan ng Diyos, mapapabayaan natin Itong himuran ng bawat baka sa parang at sisirain Ito. Madudumihan Ito. Ito'y magiging hadlang sa Iglesya. Siyanga.

82 Sa palagay ko, sa panahong ito, ang kailangan natin ay mas makaluma't, tinawag ng Diyos na mga ministro, di man pulido, marahil walang gaanong pinag-aralan, pero dadalhin ang mga tao sa pagdulog sa isang altar, at doon ay mahahapis sila. Hindi sa pagpapakasaya't pagtatawanan, at pagpapaputok ng chewing gum, at paglilista ng kanilang pangalan sa papel; kundi, kapatid, sa isang pagtangis at pagiging patay, hanggang ang mga kalalakihan at kababaihan ay lubusang makapagsisi ng kanilang mga kasalanan at lumapit sa Diyos. Amen.

83 Sinasabi ko sa inyo, mayroon tayong, "Itaas n'yo ang mga kamay n'yo, na mga gustong tumanggap kay Cristo," lahat ng ganoon. Ayos naman 'yan, kapatid, pero hindi n'yan—hindi n'yan maitataboy ang kasalanan.

84 Kailangan mo munang magsisi, maging husto, lumuhod at talagang umiyak. Naaalala ko pa 'yung mga panahon na 'yung mga makalumang tao'y lumalakad sa pasilyo, at paroo't parito sa mga kalsada, na umiiyak, at kinakausap ang kanilang mga kapitbahay. Ganoon ang mga Cristiano noong araw; nagbabahagi sa mga tao ng tungkol sa mga bagay ng Panginoon.

85 At, ngayon, inililista lang natin ang pangalan natin sa aklat ng simbahan, at uuwi't mananatili lang sa bahay, at hindi man lang magbabahagi ni isa mang salita tungkol Dito. Walang pakialam. "Basta't miyembro kami ng iglesya, 'yun na 'yun." Pihado akong mali tayo roon, mga kapatid. Magsiyasat kayo. Dahil, hindi 'yan uubra sa mga paghatol. Hindi, po. Hindi uubra.

86 Hindi dapat kumulang sa, "Ang susunod sa Akin, ay tanggihan niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at mamatay araw-araw." Manatili kang patay, doon sa krus. Ganoon nga. May paghihinagpis! "Ang daan, ang daan ay aking tinatahak," inaawit n'yo, "kasama ng iilan na nang dahil sa Panginoon ay hinamak."

87 Naiisip ko sa panahong ito, napakatinding panahon ito na kinabubuhayan natin! Na, ang ebanghelismo'y, itinatanghal nila ito sa labas sa naglalakihan at nagliliwanagang mga ilaw, at tinatangka nilang. . . Na kapag makikita mo 'yung ebanghelista na dumarating sa bayan, mapapaisip ka. Ako, ganoon na rin kaya ang mga pagtitipon ko. Ganoon na kaya. Iniisip ko kung sino ba talaga ang darating sa bayan, kung minsan, ang ebanghelista ba o si Jesus Cristo? Aba, mayroon silang. . .

88 Nagpunta ako sa isang lugar dito, kamakailan lang, kung saan darating daw ang isang ebanghelista. At ang Jesus' Name. . . Aba, mayroon silang litrato nung ebanghelista, "tampok na ginoo," nakasama na ng lalaking ito si *ganito*, at nakasama na nung lalaki si *ganoon*.

89 Ako, iniisip ko kung minsan ang pagmiministeryo ko, at pinagmamasdan ang mga tao na dumadalo. At papasok ako sa silid ng hotel, sasabihin, "Diyos, sino—sino po ba talaga ang ipinunta ng mga tao para matunghayan, ako ba o Ikaw?" Kita n'yo? "Kung ang ipinunta nila'y para makita ako, sila'y maliligaw, siyanga; pero, Oh Diyos, ibaba Mo po ako, isantabi ako. Ang ibig ko'y kumatawan sa Iyo, ang Isa na Iyon na kami'y tatayo sa harap balang araw, na may nanginginig na mga kamay at nangangatog, na mahinang katawan, na nakatunghay po sa Iyo. Nalalaman na nakasalalay ang kaluluwa ko sa Iyong kapasyahan." Si Cristo nga ang ating itaas.

90 Ngayon, sinasabi n'yo, "Buweno, kabilang ako sa Baptist. Isa akong Methodist. Kabilang ako sa tabernakulo. Ginagawa ko ang *ganito*." Oh, wala 'yang anumang kinalaman dito; wala ngang kahit na ano. Napapaisip ako minsan.

91 Dito kamakailan lang, nakita ko ang isang—isang anunsyo, kung saan darating sa lungsod ang isang pang-ebanghelyong pangangampanya. At 'yung salita nung tao, haya't 'yung pangalan nung tao'y malalaking letra mismo't nakasulat sa palibot, nang *paganoon*. At sa ibaba nun, sa isang maliit na sulok, nakalagay, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," doon sa pinakaibaba sa sulok. Kita n'yo?

92 Kinuha nila ang lahat ng kasagraduhan mula kay Cristo, at inilagay nila ito sa isang tao, o isang iglesya, o isang organisasyon. Kapatid, sinasabi ko sa inyo, mabubuhay ka ng wala 'yang pambibighani't, Hollywood na pagaakto-akto na parang payaso, kagaya nun, sa isang. . . ng iglesya. Pero, sa Presensya ni Jesus Cristo, Siya Yaong dapat na maluwalhati.

Siyanga. Ngayon, katotohanan 'yan, minamahal kong kapatid na lalaki't kapatid na babae.

93 Huwag kayong magalit sa akin. Alalahanin n'yo mismo na ako'y nangangaral lamang sa inyo. Gusto kong mangaral na para bang ito na ang huling pangangaral na maipapangaral ko sa buong buhay ko. Gusto kong ipangaral, na ang bawat pangangaral na ipinapangaral ko'y, para bang isang tao ako na mamamatay na't nangangaral sa mga taong mamamatay na. At, ganoon nga ako; ang ilaw ko ay unti-unti nang nauupos, araw-araw; ang sa inyo, rin. At tayo'y mga namamatay na mortal. At kailangan nating humarap sa buhay na Diyos, isa sa mga araw na ito, at marapat lang na maging malalim ang sinseridad natin ukol dito.

94 Kung kabighanian lang, at walang pakialam na gawa nang gawa ng mga bagay-bagay, at pakikianib lang sa simbahan, at pupunta sa *ganito* at sa *ganoon,* aakto ng *ganito* at ng *ganoon*.

95 Dapat meron tayong mga makalumang pagtitipon para sa pananalangin sa ating mga tahanan, at may pagtangis sa Diyos, araw at gabi. Malapit na ang araw, "ang panahon ng kabagabagan, ang panahon ng kaguluhan." Sabi ng Biblia, "isang madilim na araw." At nabubuhay na tayo sa ganun.

96 Talagang pumunta roon ang bantog na lalaking ito na sabik na sabik. Nakisali siya sa mga sala-sa-init sala-sa-lamig, sa mga alanganin, at sa isip niya'y dakilang bagay itong ginagawa niya, sa isip niya'y pinagpapala siya ng Diyos. At hindi niya namamalayan na doon mismo'y tangay-tangay niya ang buong grupong ito kasama niya. Ano? "Ang munti nating grupo rito, ng—ng Juda, ay bababa't makikianib sa malalaking pangkat ng Israel. Magiging napakamakapangyarihang bayan tayo."

97 Hayun na nga. At 'yun mismo ang linya ng panlilinlang na ginagamit ngayon ng diyablo, para maipasok ang anticristo; na sadyang sintiyak ng kung papaanong nakatayo ako rito. "Pagsasama-samahin natin ang mga pagsisikap natin." Hindi natin maaaring gawin 'yun. Paano makakalakad ang dalawa na magkasama, maliban na sila'y magkasundo?

98 Ang Estados Unidos na ito'y gumagawa ng ganoon din, ng ganoon ding karanasan at ganoon ding pagkakamali, noong nakipag-isa ito sa Rusya noon. Noong panahon nga 'yun nakahanda na silang makipagdigma, at haya't nakipag-alyansa tayo sa Rusya. At ngayon nakikita n'yo na kung anong napala natin, hindi ba? Nakopya tuloy nila ang ating mga eroplano at lahat na ng mga sikreto natin, at mga bomba atomika nati't lahat na nakahanda na roon, para pasabugin 'yun pabalik sa atin. Ganoon din ang nangyayari sa espirituwal.

99 Pagkatapos nalaman natin, pagkatapos na nakipag-alyansa ni Josaphat, at noong sumangguni sila. Ngayon, masdan n'yo, masdan n'yo ang mundo sa labas, sabi niya, "Oo naman, marami

kaming mga propeta rito. Mayroon kaming seminaryong puno nila."

100 Nagpunta sila't kinuha ang mga pinagsanay na mga kalalakihan, na nakakaalam ng sikolohiya, na may kaalaman ukol sa lahat na ito. Sabi, "Halikayo ngayon, at kami'y magtatanong at sasangguni sa Panginoon."

101 Lahat sila, siyempre, sa kanilang makalaman na mapagmataas na pag-iisip, sila'y nagpunta roon at nagsabi, "Ngayon, tingnan n'yo, kami . . . Umahon ka. Sumasaiyo ang Panginoon, at ibibigay ng Panginoon sa iyo ang kapiraso ng lupaing 'yun doon. Na, 'yun ay mapapasaiyo. Itutulak mo ang mga taga-Syria na sila'y umatras nang lubos. Magagawa mo ito." Yung isa pa nga sa kanila'y gumawa para sa kanyang sarili ng malaking pares ng sungay na bakal, at doo'y tumakbo-takbo sa palibot nang naka-*paganito*, na sinasabi, "Ganito mismo, itutulak mo ang mga taga-Syria palayo."

102 Pero, si Josaphat, siya nga'y may pagka-espirituwal nang kaunti, para tiisin ang kawalang-kabuluhan na 'yun na pag-akto na parang payaso. Siyanga.

103 Diyos, bigyan Mo nawa kami ng ilan pang Josaphat, na sawa't pagod na rito sa Hollywood na pag-aakto na parang payaso. Siyanga, na isang palabas lang, nagpapanggap na ganito-at-ganoon samantalang hindi naman; nagkukunwari, nagdradrama, umaantig lang ng damdamin. At pagkatapos sa pagpasok nila, anong nakukuha mo sa pagpasok mo? Para bang hinihiling mo sa isang tao, "halika lumangoy tayo sa disyerto". Wala ngang napapala't baybaying-buhangin lang sa inyong ulo, na magdudulot ng kapighatian pagkatapos.

104 Ngayon pansinin n'yo, saan mo sila madadala? May isang ginang na nagsabi sa akin noong isang araw, "Isang lalaki ang nagsabi, 'Sige't pupunta ako sa simbahan, pero anong—ano naman ang makukuha ko kapag nagsimba ako?' Sabi, 'Ang ginagawa lang nila roo'y mag-organisa ng kung anu-anong hapunan, at kanilang . . . kesyo *ganito*, *ganoon*, at kung *ano pa*.'" At sabi nung ginang, "Hindi ako nakakibo, dahil hindi ko alam kung saan siya papupuntahin." Hayan nga. Sabi, "Sana makahanap ako ng isang lumang simbahan kung saan talagang nag-aawitan sila roon ng makalumang mga himno't namumuhay nang banal."

105 Nagugutom ang mga bata, haya't kakain na lang sila mula sa basurahan. Nakasalalay sa Iglesya ng buhay na Diyos na pakainin sila ng tunay na buhay na Salita ng . . . ng Diyos.

106 Doon, sa gitna ng lahat ng kabighanian na 'yun at mga bagay-bagay, ang sabi ni Josaphat, "Wala na bang isa pa?"

107 "Isa pa?" sabi ni Ahab. "Buweno, anupa't kailangan mo pa ng isa? Mayroon na kaming apatnaraan na pinakamahuhusay, pinili, edukado, pinapakain nang husto, na maiinam na

nadaramtan na mga kalalakihan na mayroon sa bansa, na nakatayo ngayon dito. Nagkakaisa ang bawat isa sa kanila, at iisa ang puso, at iisa ang tinig, na nagsasabi, 'Humayo ka! Kasama mo ang Diyos.'"

108 Napapaisip nga ako kung ang Estados Unidos ay hindi kaya't humantong na sa ganoon din. Napapaisip ako kung ang Iglesya ng Diyos ay hindi kaya't humantong na sa ganoon din. Napapaisip ako. "Buweno," haya't sasabihin, "tingnan n'yo naman grabe ang tagumpay nila. Nakakapagdaos sila ng malawakan, na malakihang mga pagtitipon. Libo-libo ang naaakay nila nang minsanan." Pero iniisip ko nga kung mayroon bang natira maski isa lang. Iniisip ko na hindi kaya't may isang bagay pa na kakaiba.

109 Nasumpungan natin, may tatlumpung libo na naakay tayo sa loob ng anim na linggo, at pagkalipas lang ng anim na linggo uli'y wala na tayo ni isa. May mali sa kung saan. Siyanga. At ang lahat pala ng ito'y pambibighani lang, pagpapanggap. Ang mundo, dahil sa telebisyon, dahil sa radyo, dahil sa mga sineng-palabas, at dahil sa mga nagpapalabas na 'yun doon, ay pinabulok ang bansang ito sa pamamagitan ng kahibangan ng Hollywood. Siyanga. Ang lahat ay naghahangad ng magarbong kabighanian. Hindi ba't 'yan ang katotohanan? Alam n'yo na katotohanan 'yan. Wala na tayo nung makalumang relihiyon na dating taglay natin maraming taon na ang nakalipas. Dahil sa pinabayaan natin ito. Dadako tayo riyan, maya-maya, haya't makikita n'yo.

110 Siyanga't, isang kaaya-ayang larawan, o isang nakakapukaw ng isip na larawan, pala. At heto na itong si Josaphat, sabi, "Oo, nakikita ko silang lahat. Sila't, bawat isa'y, may mga digri," at kung ano man ito. "Silang lahat nga'y pinaging mga propeta, o mahuhusay na ministro. Nanggaling sila sa mahuhusay na kolehiyo. At silang lahat mismo ay ganito't ganoon. Galing nga sila sa sikat na eskuwelahan ng propeta, at lahat na. Nagkakaisa silang lahat. Totoo naman. Pero may isa pa ba?"

111 "Buweno, anupa't kailangan mo pa ng isa, gayong ang apatnaraan na 'yan ay sabay-sabay na nagbibigay na ng pahintulot?"

112 Pero ang lalaking 'yun, sa kaibuturan ng kanyang puso, ay may Diyos. At alam niya na may kung anong mali tungkol doon. Siyanga, po. Alam niya na may bagay na bulok dun. Bakit? Hayaan n'yong bigyan ko kayo. . .Hindi ito binanggit ng Kasulatan, pero narito ang kuha ko. Alam ko na—na alam ni Josaphat ang ipokritong 'yun doon, na si Ahab, siya'y hindi matuwid sa Diyos. At iprinopesiya na noon ni Elias ang Salita ng Diyos sa kanya. At kaya papaano pagpapalain ng Diyos ang Kanyang isinumpa na? Amen.

113 Siya ring bagay ang sinasabi ko ngayon, kaibigan. At ang Iglesya ng buhay na Diyos, na naninidingan nang tapat sa Diyos, ay ganoon din ang sasabihin. Hindi mo mapaghahalo ang langis at tubig at tatawagin itong kaligtasan. Hindi mo magagawa. Kailangan mong ihiwalay ang sarili mo, kapatid. May kailangang mangyari. Habang may natitira pang pag-asa, kailangan mismo na may gawin tayo, at gawin ito agad-agad; dahil, malapit na ang oras ng Pag-agaw.

114 Patong-patong na ang mga bagay-bagay, ang lahat, at napakalayo na ng iglesya. Nagbabasa na ito ng lahat na klase ng mga magasin, mga aklat, mga kuwento, at lahat-lahat. Maaari akong pumunta ngayon sa isang . . . May simbahan akong pupuntahan, tapos sasabihin ko, "Oh, ilan ang nakakaalam . . . " Alam nila ang bawat himno't, katatapos lang ng isa sa naglalakihang rebaybal. "Ngayon anong—anong pahina ba 'yung ganito't ganoong himno?" Alam nila. Alam nila kung sino. Alam nila kung sino ang tumatakbo sa pagka-Presidente, at kung sinong tumatakbo para sa *ganito*, at kung ilang artista sa pelikula ang nagpakasal, kay *ganito* at *ganoon*, kung *ano pa*. Pero, pagdating sa Salita ng Diyos, wala silang kaalam-alam. Hayan nga. Sobrang nakatutok sa kabigha- . . . At, sa kabila nun, nag-aangkin sila na mga Cristiano.

115 At hindi mo masisi ang mga tao. Nanggagaling kasi 'yun sa likod ng entablado, doon nga ito nanggagaling. Siyanga. Nanggagaling ito sa likod ng entablado. Tinuturuan nila ang mga tao ng lahat na ng uri ng ritmo, at lahat ng klase ng *ganito* at *ganoon*, at mga organisasyon, at kung paano bumuo ng mga pang-kabataang pangkat-pangkat, at lahat ng gaya nun. Iniisip ko kung bayad kaya 'yun. Wala naman akong anumang laban dito, pero napapaisip lang ako kung 'yun ba ang hinihingi ng Diyos.

116 Gayong, sinabi ni Jesus, "Malibang ang isang tao'y ipanganak ng tubig at Espiritu, ay hindi Siya kailanman makakapasok sa Kaharian. Ang magtatak- . . . susunod sa Akin, ay dapat itakuwil niya ang kanyang sarili, at ang kanyang sariling makamundong kasiyahan, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa Akin." Ang *krus* ay isang simbolo ng "kamatayan, matinding paghihirap." "Siya na magpapaka-Cristiano, ay alisan niya ang kanyang sarili ng sarili niyang mga pag-iisip. Alisan niya ang kanyang sarili ng kanyang sariling mga gawa. Hubdan niya ang kanyang sarili ng lahat, na itinatakuwil ang kanyang sarili, at pasanin ang banal na krus na 'yun, at sumunod sa Akin araw-araw. Ang susunod sa Akin, ay gawin niya 'yun." Yun ang sinabi ni Jesus.

117 Pero, ngayon, sinasabi natin, "Ang lahat ay magsaya. Ipalakpak ng lahat ang kanilang mga kamay. Ang lahat ay sumigaw ng, 'Hallelujah!' Gawin ng lahat 'yung *ganito*." Oh, napakarami nating kuskos-balungos! Amen. Ang Diyos . . . May

mga bago tayong awitin at inaawit natin ang mga ito nang sobrang paspas, na para bang kakaripas tayo nang dire-diretso sa pader kapag inaawit ang mga ito, o parang ganoon.

118 Gayong, sa palagay ko, kung aawitin natin ang *Nearer, My God, To Thee,* ay magiging malayong mas mainam para sa Iglesya; ang mga makalumang himno.

119 Marami silang mga tumutugtog sa pansayawang orkestra, may kung sinong binata sa isang pansayawang orkestra ang tumugtog sa dako rito, kagabi, at mamayang gabi ay dito naman patutugtugin sa bahay-sambahan ng buhay na Diyos? Isa itong kasuklam-suklam na bagay sa paningin ng Diyos. Hayaan n'yong mapatunayan muna ang lalaking 'yun, una sa lahat, at hayaan siyang mamunga muna, nang marapat para sa pagsisisi, upang ipakita na siya'y matuwid sa Diyos.

120 Dinadala na nila ang daigdig ng jazz sa entablado mismo. Dinadala nila ang Hollywood, na pinabighaning pangangaral, sa entablado mismo.

121 Aba, kung hindi ba ako naroon sa kaakit-akit n'yong siyudad, mga ilang linggo na ang nakalipas, sa Louisville, Kentucky? Nadurog ang puso ko, noong naroon silang lahat, na sabik makakita ng mga himala ng Diyos; at noong sandali mismo na ipangaral mo na ang Ebanghelyo, mistulang napuno sila, sa isang segundo lang, at tatalikod at lalakad palabas ng gusali. Ganoon nga. Ayaw nila Ito. Tumigas na ang kanilang mga puso. Haya't nagsisilabasan; at marami sa kanila, mga Protestante, pa, na dumadalo sa mga simbahan ng Protestante. Pero napuno na sila. . . napuno na ng masyadong pambibighani't lahat na na kagaya nun, ng mga walang kabuluhan at pagka-makaiglesya, hanggang sa wala na silang nalalaman tungkol sa Espiritu ng buhay na Diyos. "May anyo ng kabanalan, at tinatanggihan ang Kapangyarihan nito."

Grabeng araw ito na kinabubuhayan natin. Masdan n'yo kung saan ito humahantong.

122 Sabi ni Josaphat, "Alam ko, Ahab. Hayan nga ang apatnaraan mo na mga mangangaral. Disenteng mga ginoo ang itsura ng lahat, bawat isa sa kanila'y mainam ang pagkakabihis at ang kanilang buhok ay mainam ang pagkakasuklay, at lahat na't, kung ano pa na marahil mayroon sila. Marahil sila'y may kanya-kanyang mga D.D. Marahil sila'y may lahat na ng uri ng mga digri na kamit nila. Marahil kabisado nila ang mga Kasulatan, mula A hanggang Z. Pero wala ka na bang isa pa, sa kung saan man? Wala na bang isa pa, sa kung saan?"

123 Sabi niya, "Oo't, may isa pa, pero napopoot ako sa taong 'yun." Hayan nga. Hayan nga. "Napopoot ako sa taong 'yun." Tandaan n'yo, relihiyosong tao si Ahab, at ang mga naroon na 'yun ay relihiyosong mga tagapagturo, pero kinapopootan nila ang lalaking ito na taglay ang Katotohanan. Sabi, "Napopoot

ako sa taong 'yun." Sabi, "Palagi na lang siyang sumisigaw ng bagay na laban sa akin." Paano niya mapipigilan 'yun, samantalang hinatulan na siya ng Salita ng Diyos?

124 Papaano ka nga makakapagpigil kung isa kang lalaking lingkod ng Diyos, o isang babaing lingkod ng Diyos, at nalalaman at nakikita mismo ang kasalanan at mga bagay-bagay, na nagpapatong-patong na't bumibigat, at lahat nga na katulad nun; at nakikita ang mga kaluluwa ng tao na napupunta sa impyerno; milyon-milyon kada araw; at tatahimik lang? Hindi mo nga maaatim.

May nagsabi sa akin noong isang araw, sabi, "Sa tingin n'yo po ba kaya n'yo itong pigilan?"

125 Sabi ko, "Hindi. Hindi ko 'yun kayang pigilan, dahil sinabi na ng Diyos. Anupa't darating ang araw, sa Dako ng Paghatol, ilaladlad nila 'yung malaking tabing, ipapakita 'yun sa kamera sa dakong 'yun sa ibayo, at ipi-play ang teyp rekording na 'yun. At tatayo ako't pakikinggan ito; gusto kong marinig ang tinig ko na nagbababala laban dito. Ang Diyos ang tagahatol ko sa sandaling ang tinig ko'y kumalaban dito." Siyanga, po. Kapag mapapanood natin ang buhay na ito, ang henerasyon na ito, na muling uulitin ang kaganapan doon na sa paghatol. Tunay. Nabubuhay tayo sa isang kakila-kilabot na panahon. At hayun nga ito.

At nasumpungan natin siya na gumawa . . . sabi niya, "Wala na bang isa pa?"

126 Sabi niya, "Oo, pero napopoot ako sa kanya, dahil palagi na lang siyang nagpropropesiya ng masama laban sa akin."

127 Papaano niya mapipigilan ang sarili niya na ipangaral ang mabibigat na mga bagay na 'yun, kung nakikita naman talaga niyang nagaganap ito? Haya't nakikita niya mismo si Ahab na namumuhay nang tulad nun at gumagawa nang tulad nun, at tinatangay ang mga tao nang tulad nun.

128 Papaanong mapipigilan ng isang lalaking lingkod ng Diyos, o ng isang babaing lingkod ng Diyos, na sumigaw at suwayin ang kasalanan sa bawat panig? Samantalang, nakikita mismo nila itong sala-sa-init sala-sa-lamig na mga mangangaral, at mga mambibighani, at mga tagapagturo, at kung anu-ano pang tulad nun, na pinababayaan ang mga tao na mapunta sa impyerno, na milyun-milyon ang bilang, sa ilalim ng panlilinlang; maraming . . . maging sa mga tao sa holiness. Hindi na mga Methodist at mga Baptist ang tinutukoy ko, at mga bagay na tulad nun; siyanga't may ganoon din sila, tunay nga. Pero narito na ito mismo sa sarili n'yong mga hanay.

129 Grabe, nagtutungo sa entablado, siyanga't kaakibat na ang lahat maliban sa pagiging mga Cristiano, haya't namumuhay na katulad ng lahat ng iba pa, sa buong bansa't mga bagay-bagay, pagkatapos ay tatawagin nila itong "relihiyon." Ito nga'y

isang relihiyon, pero malayong-malayo ito sa kaligtasan ng Panginoon. Siyanga. Dinadala lang nila ang mga tao tungo sa isang malaking pangkat lamang ng kaantigan. Pagkatapos sa sandaling matapos na 'yung pagkaantig, pagkatapos nga, malalaman mo na lang, wala ka nang mahahagilap ni isa sa kanila; wala nang laman ang simbahan. Kapatid, kung mahal ng isang tao ang Diyos, pupunan niya ang kanyang upuan sa simbahan, sa tuwina. Hindi niya kayang lumayo rito. Siyanga.

130 Ngayon pansinin n'yo, ilang minuto na lang. Sisikapin kong magmadali, didiretso na ako sa punto ngayon, dahil nauubos na ang oras ko.

Pansinin n'yo, pagkatapos nga ang sabi niya, "Wala na bang isa pa?"

131 Sabi niya, "Oo, pero napopoot ako sa taong 'yun. Palagi siyang nagpropropesiya ng laban sa akin. Nagsasabi siya ng masasamang bagay laban sa akin."

"Sige," sabi, "puntahan n'yo at sunduin siya."

Sabi niya, "Ang pangalan niya ay Micaya."

132 Anupa't may sapat na relihiyon ang lalaking ito para matalos niya na hindi tama 'yung mga kalalakihan na 'yun doon.

133 At ang sinumang tao na nahipo na kailanman, nang kahit kaunti, ng Espiritu ng Diyos, ay nalalaman niya ang mga bagay na ito, na itong bagay na tinatawag ngayon na Cristianismo, ay hindi tama. "Hindi n'yo maaaring ibigin ang mundo, o ang mga bagay ng mundo. Kung iniibig n'yo ito, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa inyo." Ganoon ang sinabi ng Biblia.

Ngayon tingnan n'yo. Sabi niya, "Puntahan n'yo siya at sunduin." At nagpunta sila.

134 At mangyari nga na nagsugo siya ng isang abang mensahero, 'yung diyakono ng simbahan, marahil, o kung sino, nagpunta roon at ang sabi, "Ngayon tingnan mo, Micaya, dadalhin ka namin doon sa harap ni Ahab at ni Josaphat. Ngayon, pareho silang nakaupo roon, at sila'y mga dakilang tao. Mga tagapagturo sila't mga iskolar. At mayroon silang digri, at kung ano pa. At ang bawat isa sa seminaryo namin, bawat isa sa mga iglesya namin dito, ay ganap na nagkakasundo na ito ang kalooban ng Panginoon. Ngayon, sabihin mo ang parehong bagay na sinasabi nila, at, sasabihin ko sa'yo, magiging mas disente na ang iyong bihis at sasakay ka na sa isang kotseng Cadillac. Sinasabi ko na sa'yo, magiging kilala kang tao kung gagawin mo 'yun. Sige, na. Sasagana ka."

135 Sabi ni Micaya, "Buhay ang Panginoong Diyos, sasabihin ko lamang kung ano ang sinasabi ng Diyos." Amen. Ganoon nga. Oh, hayun nga ang isang tao na ayon sa puso ko. "Marahil tinapay at tubig na lang kakainin ko," na 'yun nga rin lang ang kinakain niya, "dahil nga sa ginawa niya ito." Siguro'y

masasampal siya sa isang pisngi't sa magkabila, kung ano pa, pero sinabi niya ang Katotohanan at nanindigan dito. Pinatunayan 'yun ng Diyos na Katotohanan. Hindi siya ganoong kakilala, pero kilala niya ang Diyos.

136 Dinala na roon ang munting si Micaya. Sabi dun, "Sige, Micaya, anong masasabi mo tungkol dito?"

137 Sabi niya, "Umahon ka. Umahon ka." Sabi, "Umahon ka, nang may kapayapaan. Sige lang, managumpay ka, 'yun ang gusto kong gawin mo. Pero nakita ko ang Israel na gaya ng mga tupa, na walang pastol, doon sa isang burol, na nagkalat. Ganoon nga," sabi niya.

138 At noong sinabi nga niya 'yun; haya't bumaling si Ahab kay Josaphat, ang sabi, "Sinasabi ko na nga ba sa'yo? Ang holy-roller na 'yan . . . " o, kung ano, ipagpaumanhin n'yo ako, o kung ano man ito; ang sabi ng lalaking 'yun, "Hayan . . . Sinasabi ko na nga ba sa'yo? Magpropropesiya lang ang taong 'yan ng kasamaan—kasamaan laban sa akin. Yan na nga ang sinasabi ko? 'Tutuligsain lang niya ang iglesya namin, at tutuligsain ang mga ministro namin, at tutuligsain ang pamamaraan ng relihiyon namin.' Sinasabi ko na nga ba sa'yo? Ganoon ang sasabihin ng taong ito. Kilala ko na siya. Kilala ko na ang tatay niya bago pa siya." Amen. "Kilala ko na ang tatay niya bago pa siya." Uh-huh, siyanga, po, isang tunay na lingkod ng Diyos. Sabi, "Sinasabi ko na nga ba't ganyan ang sasabihin niya."

139 At mangyari nga ang sabi niya, "Oo," sabi, "nakita ko ang Israel na gaya ng mga tupa, na nagkalat, na walang pastol, sa isang burol." At mangyari nga na ang sabi niya, "Aking na- . . . "

140 At pagkatapos may isa sa mga lalaki roon na 'yung may hawak ng malalaking sungay, na tumutulak. Isang mangangaral ang lumapit doon at hinablot ang munting si Micaya, at sinampal siya sa bibig nang ubod-lakas, sabi, "Saan dumaan ang Espiritu ng Diyos noong lumabas Ito sa akin? Sige't kung alam mo."

141 Sabi, sabi niya, "Maghintay ka hanggang sa pagkakakulong mo sa bilangguan sa dako rito, at malalaman mo kung saan Ito dumaan." Siyanga.

142 Hintayin n'yo hanggang sa makaluklok na rito ang Rusya, na sasakupin ang mga bansa't mga ganoong bagay, at ang bansang ito, dahil sa pagtalikod nito sa pananampalataya, at makikita n'yo kung anong tama at mali. Siyanga. Makikita n'yo kung ang sala-sa-init sala-sa-lamig n'yong relihiyon ay uubra, o hindi.

143 Ibunsod n'yo na lumuha ang bansang ito, hindi magtawa at magdrama. Ibunsod n'yo ang bansang ito na lumuhod mismo, sa pagsisisi. Ganoon ang kailangan natin. Hindi isang rebaybal para magdala ng maraming tao sa simbahan. Kailangan nating isara ang bawat tindahan ng kontrabandong alak, itigil ang paninigarilyo, gibain ang mga pabrika nito. Magsimula ng isang tunay, na makalumang, gawain ng Espiritu Santo; kung

saan ang mga kalalakihan at kababaihan, ay araw at gabi, na magpapatirapa, umiiyak. Sasabihin ko sa inyo, ito nga'y magiging pinakaligtas na kublihan na nagkaroon ang bansang ito kailanman. Totoo 'yun.

144 Hayaan n'yong itigil na ng Branham Tabernacle ang paghahapay-hapay nito. Ibunsod n'yo na manumbalik ito rito sa altar at maging matuwid sa Diyos. Makipag-ayos sa mga kapitbahay, at iba pa na tulad nun, at maging matuwid sa Diyos. Na hindi na kayo magkakaroon ng anumang bangayan at mga walang kabuluhang bagay; ito'y magiging atraksyon ng mundo. Siyanga. Ngayon, 'yun ang katotohanan.

145 Pagkatapos, sabi niya, "Saan na nagtungo ang Espiritu ng Diyos na lumabas sa akin?"

146 At sabi ni Micaya, "Nakita ko ang Diyos, at ang Kanyang hukbo, ang Kanyang kapulungan, na nakaupo sa Kaluwalhatian."

147 Alam n'yo, may kapulungan ang Diyos Doon sa itaas, paminsan-minsan. Siya, Kanyang pinapupunta ang Kanyang—Kanyang mga Nilalang na Anghel at nagdaraos ng isang—isang kapulungan, paminsan-minsan, doon sa Langit.

148 At sabi niya, "Nakita ko Siya na nakaupo sa isang Luklukan, at ang lahat ng mga naroon ay nakatayo sa kanan at kaliwa Niya." At sabi, "Naguusap-usap sila, 'Sino ang maipapadala natin para bumaba't dumaya kay Ahab, upang mapadako siya roon at upang matupad ang propesiya ni Elias? Sinabi na ito ng Diyos, kung ano ang mangyayari, kaya titingnan na lang natin kung sino ang puwedeng bumaba.'

149 "At umahon ang isang sinungaling na espritu mula sa ibaba," siyempre pa, mula sa impyerno, "umakyat sa harapan ng Diyos at nagsabi, 'Bababa ako, at papasok ako sa mga mangangaral na 'yun at magbubunsod sa kanilang lahat na magpropesiya ng isang kasinungalingan.'" Oh, talagang ginulantang sila nun. Anupa't kakatwa ang naramdaman nila, noong, "Nagsabi sila na, 'Bababa ako't magbubunsod sa mga mangangaral na 'yun, na bawat isa sa kanila'y, magpropesiya ng kasinungalingan.'" At bumaba siya't pumasok sa mga mangangaral na 'yun, at nagsimula silang magpropesiya ng kasinungalingan.

150 At, kapatid, ang siya ring Diyos ay naghahari sa siya ring Luklukan sa panahong ito. At ang siya ring sinungaling na espiritung 'yun ay ginagawa ang parehong bagay na 'yun ngayon, na nagpropropesiya ng mga kasinungalingan.

151 Paulit-ulit nilang sinasabi, "Kapayapaan, kapayapaan, kapayapaan," pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig.

152 Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo kung saan ito nanggaling. Noong Unang Digmaang Pangdaigdig, noong ang Pransya, sa

dako roon, noong tumalikod sila sa Diyos, sa pagbaling nila sa kanilang Gay Nineties, at unti-unting . . .

153 Ngayon ay dadako ako nang kaunti tungkol sa moralidad, kaya maupo lang kayong lahat nang talagang tahimik sa loob ng ilang minuto.

154 Tingnan n'yo, roon, sa pasimula, doon sa Pransya, doon unang nagpasimula ang kasamaan at karumihan. Kung mayroon ngang maituturing na lungga ng mga daga sa mundo, ito ang Paris, Pransya. At halos nalakbay ko na ang kabuoan nito, at 'yun ang pinakamasamang lugar na nakita ko kailanman. At ang London, sa Inglatera ay di gaanong nalalayo. At pabunsod na rin ang Estados Unidos sa hanay mismo nito. Siyanga. Hayun nga sila.

155 Sa tuwing sinisira n'yo ang moradidad ng pagiging babae, sinisira n'yo ang gulugod ng bansa.

156 Heto't pupunta ka, sa kanilang sariling mga bansa, at sasabihin mo na isa kang misyunero, haya't ayaw nilang . . . Sasabihin, "Ano na naman kaya ang sasabihin mo sa amin na gagawin, baka tungkol 'yan sa pag-awit namin ng malalaswang awitin tungkol sa mga asawa namin, o tungkol sa mga kabataang babae namin? Baka 'yang sasabihin mo'y tungkol sa pagdidiborsyo namin sa aming mga asawa? Baka 'yang ituturo mo'y tungkol sa pag-inom namin ng wiski't sa kung anu-anong gawi na ginagawa namin?" Ganoon nga tayo.

157 Itinuturing natin ang sarili natin na relihiyosong bansa, bansang Cristiano. Buweno, silang "mga pagano" sa Aprika'y mas makapagtuturo pa sa atin ng tungkol sa moralidad, kung paano ba dapat mamuhay. Ang pinakabulok na lugar, sa Estados Unidos, o, sa mundo, halos, ay ang bansang ito, paano't nasadlak ito sa ganito. Isa akong Amerikano, siyanga. Pero, kapatid, hindi ko mapigilan, tulad nga noon sa harapan nina Ahab o Josaphat . . . At kailangan kong sabihin mismo kung ano ang sinasabi ng Diyos na Katotohanan. Ganoon ang dapat na paninindigan ng iglesya, ngayon. Pagdating sa pagitan ng bansa at ng Diyos, dapat na sa Diyos, palagi. Siyanga, po.

158 Pansinin n'yo, sa Pransya, sinimulan nila ang lahat ng kanilang kabulukan, at nagpapatuloy sila sa ganoong paraan ng pamumuhay nila sa dakong 'yun. At pagkatapos ipinadala ng Diyos ang Alemanya sa kanila, para hagupitin sila nang kaunti. Pagkatapos pumunta tayo roon para iligtas sila sa kapahamakan. At kaagad pagkatapos nating gawin 'yun, at napagtagumpayan ang digmaan, haya't pinaatras ang mga Aleman, nakipagkasundo ng kapayapaan sa Pransya, sila ba'y bumaling sa Diyos? Hindi, po. Babae, alak, kamunduhan, kasalanan at ganap pa nga ng karumihan hanggang sa pinaka hasang.

159 Pagkatapos anong ginawa nila? Anong nangyari? Dito siya nag-umpisa. Itinayo ng diyablo ang kanyang punong himpilan doon. Doon siya nag-umpisa, doon mismo, para sirain ang moralidad ng mundo, mula sa Paris, Pransya.

160 Pagkatapos, kung mapapansin n'yo, hindi siya makapasok dito dahil sa pagmiministeryo, kaya ang ginawa niya'y pinasok ang Hollywood dito. Itinayo niya ang kanyang Holl-. . . Itinayo niya ang kanyang punong himpilan dito sa Hollywood. Napadpad ang diyablo rito, mga ilang taon na ang nakalipas, labinglima o dalawampung taon na ang nakalipas, kasama ang malaking hukbo niya, at nagpunta mismo't, pinunterya ang Hollywood, California. At sinakop niya ang Estados Unidos sa pamamagitan ng kanyang demonyong mga kapangyarihan. Ganoon nga. Ang lahat ng mga uso natin ay galing sa Paris. Ipinapasok nila 'yun sa Hollywood, sa mga palabas. Ang mga batang babae't mga batang lalaki't, mga bagay-bagay, sa pagdako nila rito, pinapanood nila ang mga dulang palabas na 'yun.

161 Mababait na mga batang paslit, mabubuting mumunting bata, wala akong anumang laban sa kanila. Pagpalain ng Diyos ang munti nilang mga puso. Nagdurugo nga ang puso ko para sa kanila.

162 At dito mismo sa siyudad, kausap ko ang aking. . .isa sa. . . ang anak kong lalaki, noong isang araw. Sabi niya, "Daddy, kung mayroon lang sanang ilang kabataang lalaki dito sa palibot, sa bayan, na taglay ang Espiritu Santo," at iba pa. Kaya nagtataka kayo kung bakit dumadako ako sa malayo doon sa Denver, Colorado, o saanman na katulad nun? Haya't ang madala ang mga anak ko sa isang lugar kung saan may grupo ng mga tao na umiiyak sa Diyos; ganyan ang kailangan natin, kapatid.

163 Ang bansang ito, ang bayan na ito, ang siyudad na ito, ang lugar na ito, haya't naging sirang-sira na mismo ang moralidad hanggang sa ito'y maging kaaba-aba. Kung maipapahayag ko lang sana ngayon ang ganap na nalalaman ko na katotohanan sa dako rito, siyanga't hindi magiging presentable ang dating nito sa harap ng halo-halong mga tagapakinig. O, dito mismo sa sariling siyudad dito; siyanga't hindi lang dito, kundi sa iba pang mga lugar, sa lahat na ng dako, unti-unti na itong nagiging ano mismo. . .

164 Dahil bakit? Ang mga tao. . .Tingnan n'yo, mga kaibigan, naging sobrang tuso na nito. Napakadali na para rito ang makapasok, hanggang sa pupugin ka na nito. Dati'y nasa uso lang noon ang diyablo. Haya't di naman siya nawala sa mga uso, pero hindi siya nawalan ng pinagkakaabalahan, sasabihin ko 'yan sa inyo. Abala pa rin siya.

165 Tingnan n'yo, sa panahon ngayon. Ipagpahalimbawa natin, gaya ng nabanggit ko kanina, tungkol sa munting binibini, isang munting kabataang babaing may dalang rosas. Halimbawa, 'yung rosas, maganda ito; naroon ito para pagmasdan, siyanga. At katulad mismo 'yun ng iglesya, naroon ito para pagmasdan. Tulad ng isang magandang munting babae, naroon siya para pagmasdan. Siyanga. Pero kung siya...Siya'y maayos, 'yun nga'y, siya sa kanyang asawa, siya'y—siya'y maayos. Pero kung wala 'yung nakaumang na moralidad na espada para maprotektahan siya, magiging problema siya sa lipunan at sa mga tao; sasadlak siya nang masyadong mababa't magiging kahihiyan at kabulukan hanggang sa ni di na siya matingnan ng mga aso. Siyanga.

166 At ganoon din ito sa Iglesya ng buhay na Diyos. Lumalabas sila rito't tinatangkang maging kahali-halina't napapalamutian ang kanilang mga sarili, at umaasta na gaya ng...Hinuhubdan nila ang kanilang kababaihan dito, mismo...at di namamalayan ng mga tao na sinasakop na pala ng mga diyablong ito ang mga tahanan n'yo.

167 Dito mismo sa kalapit na mga bahay ko noong isang araw, isang bata pang babae na sa tingin ko'y isang mabait na babae...At siya'y isang babaing may asawa, may isang anak. At 'yung munting babae'y lumabas doon. Isang ka-...lalaki ang naglalakad sa kalsada para magtrabaho, at lumabas doon ang munting ginang na ito na nakasuot nitong kakapiranggot na damit, na ang sagwa.

168 Isa itong di kanais-nais na pahayag para sa Araw ng mga Nanay. Pero, kapatid ko, hayaan n'yong saysayin ko sa inyo ang isang bagay. Nanay, bumalik na muli kayo sa pagiging nanay!

169 Maging 'yung isang munting binatilyo na bumibisita sa lugar namin, napagawi roon at sinabi sa amin ang tungkol dito, "Tingnan n'yo po."

Sabi ko, "Buweno, wala nga sa ayos."

170 Ang naturang babae'y isang mabait na babae. Hindi ko sinasabing bagbag ang moralidad niya. Pero, ang punto roon, may kalaswaaan, maruming espiritu sa kanya, na nagbubunsod sa kanya para gawin 'yun, at hindi niya 'yun namamalayan.

171 Ano naman kaya ang dahilan at gugustuhin ng isang nanay, o ninuman, na magsuot nung kakapiranggot na malalaswang damit na 'yun, at ilalantad ang kanilang sarili sa harap ng lalaki? Maganda ka, kapatid na babae. Maganda ka, nanay. Nagpapasalamat ako sa Diyos para sa iyo. Pero, maganda ka man, pero kung wala riyan sa iyo ang Espritu Santo para protektahan ang moralidad na 'yan, mas mainam pa na naging sobrang pangit ka na walang titingin sa iyo, at mapupunta ka sa Langit. Siyanga. Totoo 'yan. Bantayan n'yo kung anong ginagawa n'yo; ang moralidad na 'yan.

172 Ngayon, ang nangyari nga'y, dumating ang diyablo't sinaysay sa mga tao ang mga bagay na ito. Pumasok siya sa mga mangangaral; ang Hollywood ang tinutularan niya. Ang mga kabataang babae't silang mga kadalagahan, haya't ang Hollywood ang tinutularan nila. Ang pinaka kabigha-bighaning mga bagay na makakamit nila sa bansa ngayon, ang pinaka walang moralidad na maririnig n'yo, ay 'yang mga usapan; lahat ng mga usapan sa radyo.

173 May matandang babae na parang si Binibining Kay Starr, wala akong anumang laban sa kanya; pero ang makita ang isang matanda nang babae, na limampung taong gulang na't, lahat na, na ang mga damit niya'y hapit na hapit sa kanya, na para bang ibinuhos siya sa sako ng harina. Hindi ko 'yun sinasabi bilang pagbibiro, dahil nagsasalita ako ng laban sa mga bagay na 'yun. Pero ang isang babae na ganoon ang kilos, at tatayo mismo't magiging isang ehemplo sa isang kabataang Amerikana, isa itong pagkakautang sa ating bansa. Ang diyablo ito.

174 Ang mga kalalakihan na tulad ni Arthur Godfrey at ng iba pa na naglipana sa paligid dito, ginagawa 'yang mga bagay na 'yan na ginagawa nila, at ang mga pinaka kilalang lalaki sa buong bansa na aasta nang ganoon, at, aba, isa 'yung kahihiyan.

175 Hallelujah! Sinasabi ko 'yan dahil nararamdaman kong narito ang Espiritu Santo. Tuluy-tuloy ang pananakop, sadyang kumakalat nang bahay sa bahay, lugar sa lugar, iglesya sa iglesya, tao sa tao.

176 Mga anak, sa Pangalan ni Jesus Cristo, tumindig kayo sa paninindigang moral ng rebaybal at ng Panginoong Jesus Cristo, at sabihin, "Tatahakin ko ang daan ng mga iilan na hinahamak ng dahil sa Panginoon." Siyanga, po. "Ako'y magiging isang tunay na nanay." "Ako'y magiging isang tunay na tatay."

> Kapag ang buong mundo, at ang buong paligid, ang lahat ng nakapaligid sa kalululwa ko'y nabulid,
> Kung ganoon Siya ang lahat kong pag-asa't pananatili.
>
> Sapagkat kay Cristo, sa matatag na Bato, ako nakatayo;
> Ang lahat na nang iba pang tayo ay buhanging gumuguho,
> Ang lahat ng iba pang tayo . . .

177 Ano ba ang pinagmulan ng lahat ng mga bagay na ito? Ano ba ang naging dahilan kung bakit kumikilos nang ganito ang mga ministro? Ano ang nagtulak sa mga mangangaral na ipropesiya ang kasinungalingang ito sa mga tao?

178 Bakit nga ba, maraming taon na ang nakalipas, na kayong mga Methodist. . .Noong si matandang John Smith ay binubuhat na noon papunta sa kanyang pulpito, para ipangaral

ang Ebanghelyo, at nangaral siya ng maiksing pangangaral na apat na oras. At sabi niya, “Ang problema mismo, kung bakit nadudurog ang puso ko.” Sabi niya, “Nagsusuot na nga ang mga anak na babaing Methodist ng mga singsing sa kanilang mga daliri.”

179 At, ngayon, nagdadamit na sila ng mga shorts at maiiksing mahahalay na mga damit. At magiging ganap na hubad na sila, nang mga limang taon pa, kung walang bagay na gagawin. Ano nang nangyari sa inyo na mga mangangaral na Methodist, kayo na mga Campbellite, kayo na mga Baptist? Siyanga, po. Ang diyablo nga ’yan, na isinambulat na ang kanyang kapangyarihan, at nariyan na ang mga kampon niya.

180 At hindi n’yo ito namamalayan, kayo na mga humihitit ng sigarilyo, kayo na mga kababaihan, at ginagawa ’yang mga gawi na ’yan na ginagawa n’yo riyan, at umiinom ng alak at tuluy-tuloy sa mga ginagawa n’yo. Hindi n’yo namamalayan na nilalason ninyo ang sistema n’yo, at winawasak ang buong henerasyon na susunod sa inyo, kung mayroon mang ganoon. Walumpu’t limang porsiyentong mas malaki ang tsansa na makakuha ng kanser, dahil sa paninigarilyo, at sinasadya n’yong lumapit mismo sa mga ito. At iniendorso pa ng mga iglesya.

181 Dito sa isang malaking iglesyang Baptist, dito lang, kamakailan. . . Pinapatamaan ko ang Baptist. May karapatan ako; sila’y medyo nakakiling sa panig na pinanggalingan ko. Anupa’t kapag magbigay sila ng palugit sa pagitan ng gawaing pang-Sunday school at ng gawain ng pangangaral, para pala ’yung pastor at ang lahat ay makalabas muna’t makapanigarilyo, at sa kalsada pa mismo’y nakalinya ang mga kalalakihan at kababaihan na naninigarilyo. Ang diyablo ang may gawa nun. Siyanga.

182 Tapos, dito sa sarili nating siyudad, ang isa sa ating pinakamahuhusay na ministro, dito mismo sa New Albany, dito sa may palaruan dito, haya’t ang isa sa pinakamahuhusay nating ministro ng siyudad ay pasimuno ng isang programang pagsasayaw, para engganyuhin ang mga kalalakihan at kababaihan na magpunta sa mga entablado.

183 Di ko alintana anuman ang sabihin ng sanlibutan, di ko alintana kung gaano man kayong magtangka na mangumbinsi ukol dito; kapatid, walang malusog na lalaki na lalapit sa asawa ng ibang lalaki, at ganoon pa rin ang damdamin niya. Alam n’yong ’yan ang katotohanan.

184 Kinuha nila ang kababaihan natin, at hinubaran sila; naroon na sila sa mga opisina, at nagmamaneho na ng mga taksi, at paroo’t parito sa kalye. Kung saan, dapat ay nasa bahay sila, sa harap ng kalan, nagluluto, at naghahanda ng mga hapunan.

185 Ano ito? Ang diyablo ito. Nagaganap na ang pananakop. Wala akong tinutukoy na kung sinong indibiduwal na *ito* o

indibiduwal na *'yun*. Ang tinutukoy ko rito'y mga karumal-dumal na espiritu na lumulukob sa mga tao, na itinutulak sila papunta mismo rito. Ang pananakop sa Estados Unidos.

186 Ang pagpapabagsak sa iglesya. Pinabagsak ng diyablo ang iglesya. Noon pa man . . .

187 Paieskuwelahin nila ang isang batang lalaki, haya't pagtungtong niya sa isang seminaryo, ang unang bagay na kailangan niyang matutunan ay dapat may mga digri siya. Kailangan niyang kumuha ng sikolohiya. Kailangan niyang kumuha ng teolohiya. Dapat naituro sa kanya, na nadoktrinahan siya dapat ng lahat na ng uri ng mga bagay-bagay. Kung wala siya nitong mahusay na edukasyon, kung hindi siya ganoong katalino at kaintelihente, mangyari nga na pauuwiin nila siya; hindi siya kuwalipikado. Anong gagawin niya? Lalabas siya rito't magprepresenta ng munting usapang pampulitika, na parang ganoon, isang usaping pulitika sa iglesya, sa isang grupo ng mga tao, isang grupo ng mga lalaki't babaing naghihingalo na.

188 Oh Diyos, magsugo Ka sa amin ng ilang makaluma't, sasafras na mga kalalakihan na di mawari ang A sa B, pero napagkikilala ang kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus Cristo, na mangangaral ng pagsisisi, at padudulugin ang mga kalalakihan at kababaihan sa altar, upang umibig sa Panginoong Jesus. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

189 Ito'y isang kasiraan. Sinakop niya ang mga seminaryo. Sinakop niya ang mga iglesya. Hinubaran niya ang mga kababaihan natin. Tinangay niya ang mga kalalakihan tungo sa isang kalagayan na di mo na sila mapagsabihan ng anuman. At ang mga kalalakihan at kababaihan, sa palagay ko . . .

190 Sasabihin n'yo, "Buweno, ang mga kababaihan nga." Oo, at kayo na mga kalalakihan na pinahihintulutan ang mga asawa n'yong babae na gawin 'yun, siyanga't ipinapakita lang n'yan kung ano talaga kayo. Siyanga. Tunay. Isa itong kahihiyan. Nakakadismaya.

191 At pagkatapos maging sa mangangaral. Tumatayo ang mangangaral sa entablado, ngayon, na isang modernong pulpito. Tumatayo roon, na ang kanyang mga nasasakupan ay nasa harapan niya, at mangangaral ng tungkol sa bawat maliliit na kung anu-anong bagay sa mundo maliban sa pagsisisi at kasalanan, at sa magaspang na krus ni Cristo. Oo.

192 Kapag ilalatag mo ang mga katotohanan; haya't ang mga tao'y magsisidalo para pakinggan ka, sa pagi-Ebanghelyong gawain. Pero kapag pinagsisikapan mo nang makadako sa mahalagang bagay at ipangaral ang Ebanghelyo, at mapagsisi ang mga tao't maituwid sila. Tatayo sila't lalakad palabas, kanilang, "Ayaw naming pakinggan Yun." Haya't, ayaw raw

nila. Pero, mga kapatid, kailangan nila mismong magsisi kung hindi ay mapapahamak sila.

193 Mga diyablo! Pumunta ka sa eskuwelahan; sinakop na nito ang mga eskuwelahan. Tumingin ka sa paligid, nasa buong bansa na ngayon. Tumingin kayo rito, kayo riyan, kayo na mga Protestante. Tingnan n'yo, may apat na naglalakihang eskuwelahan ng mga Katoliko at mga bagay-bagay, na itinayo sa panahong ito. Bakit ganoon? Dahil ibinababa n'yo na ang mga pamantayan.

194 Wala akong anumang laban sa Katolisismo, bagamat hindi ako naniniwala rito. Ako'y istriktong Protestante. Ganoon nga mismo. Mapapatunayan n'yo na di sila . . . Hindi ka maaaring makipagtalo sa kanila. Sinasabi nila, "Wala kaming pakialam sa sinasabi ng Biblia. Ang alam namin ay kung anong sinasabi ng simbahan."

195 Ang Diyos ay nasa Kanyang Salita. *Nandito* ang Diyos.

196 Pero ang ilan sa mga Katoliko, na naninindigan sa kanilang simbahan, ay ipapahiya kayo sa inyong sarili, bilang isang Protestante. Kung makapapanindigan lamang kayo sana sa Biblia, kung papaanong naninindigan sila sa kanilang iglesya. Siyanga. Pero, mali sila. Kaya kong sabihin 'yun sa ilalim ng awtoridad ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na, mali sila. Walang pasubali.

197 At mali kayong mga Protestante, sa paraan ng paggawa n'yo, dahil talagang alam n'yo sana ang mas mabuti, at ginagawa n'yo pa rin ito. Pinagiging ipokrito kayo n'yan. Siyanga, ito na ang pananakop; mga iglesya na nagpapabaya. At ngayon sa halip na . . .

198 Ang iglesya, ay sinisikap na ipaging kabigha-bighani ang simbahan, nagpapatayo ng mas malaking simbahan, nilalagyan ito ng matataas na tulis, ng enggrandeng bakal na organ, at inilalagay ang lahat na mistula bang tinatangka na gayahin ang simbahang Katoliko. Hindi n'yo ibig na magaya sa simbahang Katoliko, yamang siya'y tiyak na papunta sa pagkawasak. Dahil, 'yun nga'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, tiyak na mauuwi siya sa pagkawasak. At gumagaya kayo sa kanya't, mapapasama kayo sa kanya.

199 Anupa't ang kailangan natin sa panahong ito, ay hindi malaking simbahan, na may mataas na tulis, kundi makalumang mga altar kung saan sinusunog ang mga kasalanan, sa ilalim ng mga handog na panalangin mula sa mga kalalakihan at kababaihan na umiibig sa Panginoong Jesus Cristo. Alam n'yo 'yan. Yun ang kailangan natin. Pakinggan n'yo ako, mga kaibigan. Pakinggan n'yo ako. Ito'y pag-ibig.

200 Wala na po akong oras. Gusto ko sanang maglumagi roon, kung saan, siguro'y, itutuloy na lang 'yun, sa susunod, 'yung pananakop na 'yun, kung saan na ito nakarating. Nasakop na

nito. Nasakop na nito ang ating mga bansa. Nasakop na nito ang Estados Unidos.

201 Ngayon alalahanin n'yo, hindi pa ako bumoto kailanman sa buong buhay ko; kita n'yo, ngayon, hindi 'yun bagay na dapat ipagmalaki; karapatan ko 'yun bilang isinilang na Amerikano kung gusto kong gawin 'yun. Pero iniisip ko ang mga kaibigan ko, na nailalagay roon. Tingnan n'yo, nakita ko silang pumasok bilang disenteng mga tao, na paglabas ay naging mga manggagantso, at ayaw ko nun.

202 May isa akong layunin. Narito ako na naglalatag ng isang plataporma para sa isang Tao na Siyang Kandidato, at 'yun ay si Jesus Cristo, at Siya lamang. Ibinibigay ko ang oras ko para sa Kanya. Siyanga. At kung magagawa kong maituwid ang iglesya, ang ibang bahagi ng mundo'y kasunod na nun. Siyanga.

203 Pero hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, noong si G. Roosevelt. . . .Patay na 'yung tao. Nagpapahinga na siya; umaasa ako na siya nga. Noong pinasok niya 'yun, at tumakbo ng tatlo o apat na termino, at nanungkulan, unang hakbang 'yun mismo ng pagkadiktador. Kaya kong patunayan 'yan sa inyo, diyan sa Kasulatan, kung saan sinabi Niyaon na magaganap ito. Siyanga. Wala na tayong konstitusyon. Gutay-gutay na siya. Ang lahat ay nawarak na mismo. Ang mga Republikano'y kasing sama na rin. Mistula ngang anim na piraso sa isang gawi't, siya ring kahalating dosena 'yun sa kabila.

204 Dahil, ang bawat kaharian ay mawawasak, pero ang Kaharian ni Jesus Cristo'y mananaig at maghahari magpakailanman. Siyanga. Sa ibabaw. . .Nakita ni Daniel 'yaong Bato na tinapyas sa mga bundok, at tumama sa mundong putitikal noon at dinurog 'yun na mistulang pinaging giniling na pulbos, gaya ng trigo sa isang giikan sa panahon ng tag-araw. Anupa't lumaki ang Batong 'yun na naging isang malaking bundok at sinaklaw ang langi-. . .pinuno ang sangkalangitan at lupa. Hayan nga ito.

205 Ang mundong pulitikal ay wala na. Wasak na ang ating bansa. Tandaan n'yo 'yan, na sinabi 'yan ni Kapatid na Branham, GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Lubusan nang wasak ang ating bansa. Hindi na ito babangon pa. Wala na siya, gaya ng iba pang mga bansa. Ito ang pinaka kamangha-manghang bansa sa mundo, na nakatayo ngayon, pero ito rin ang pinaka binhi ng diyablo na naitanim sa puso ng mga tao; kung papaano nga na nagsimula ito sa Hollywood, na ganoon na lamang ang paglaganap nito sa mga tao, at nagsimula sa *ganito*. At hindi mo na sila masabihan ng anuman.

206 Maglagay kayo ng isang Presidente roon na mag-aadhika na ipasara ang wiski, ngayon at ipagbawal 'yun, tingnan n'yo kung anong mangyayari. Babarilin siya, nang dalawang oras pa lang sa pagluklok niya roon. Tiyak, hindi siya magtatagal;

laban sa kanya ang buong mundo. Siyanga, po. Hindi mo talaga magagawa 'yun.

207 Wala na siya. Sinakop na siya, at lumuklok na ang espiritu ng komunismo.

208 Pumunta kayo sa mga eskuwelahan natin ngayon, tingnan n'yo ang mga anak nating nag-aaral. Ang maliliit nating anak na pumapasok sa eskuwelahan, dapat n'yo mismong malaman kung anu-ano ang nagaganap. Mga batang babae na pumapasok dito sa mga eskuwelahan, at mga bagay na ganoon, sa edad na labing-apat at labing-lima, pinag-aral sila ng kanilang nanay sa eskuwelahan, tapos nasira ang moralidad, mentalidad, gumagamit ng droga, naging sugapa sa bawal na gamot, humihithit na ng sigarilyo, lahat na ng iba pang gaya nun; sa napakabatang edad pa lang, ganoon na ang mga maliliit na kabataan. Magiging kasing hirap na makahanap ka ng isang birhen sa gitna ng ilan sa kanila na parang kung papaanong mahirap makahanap ng isang karayom sa bunton ng dayami, dahil nakikipagtipan sila sa mga lalaki sa mga latag, at humihilata rito sa mga pampang ng ilog at sa lahat ng iba pang dako.

209 At mapapatunayan ko ito sa inyo, mga kaibigan ko. Hindi ko ito sasabihin sa pulpito maliban na alam ko ang sinasabi ko. Sa mga eskuwelahan dito mismo sa ating—ating mga distrito, dito mismo sa mga distrito, ukol sa gayak ng mga dalagita, walang kamalay-malay. . .ang paalam nila sa mga nanay nila'y iba't ibang lugar ang pupuntahan nila, at nakikipagkita pala sa mga lalaki't mistula bang nagiging patotot na sa mga lansangan ng Louisville (Ano ito?), tapos aawit sa simbahan.

210 Dahil, sa kung anong munting panlipunang Ebanghelyo na ipinipresenta nila roon, kung saan tumatayo ang mga mangangaral at nangungusap tungkol sa maliliit na di naman mahahalagang bagay, at mga kapiraso ng kuwento ng Biblia, o bagay na gaya nun, sa halip na mangaral ukol sa pagsisisi at pagpapadulog sa mga kalalakihan at kababaihan sa may altar.

211 Darating ang kanyang tatay sa gabi't magsisindi ng sigarilyo niya, kukuha ng isang baso ng serbesa, tapos mauupo't iinumin 'yun. Nasa labas naman si nanay, nang buong maghapon, kasama ang isang grupo ng kababaihan sa isang pagtitipon ng paglalaro ng baraha, na kung anong pakikipagsosyalan na gaya nun. Paano n'yo maaasahan 'yung bata na di siya maging ganoon?

212 Tingnan n'yo, kung ano ang kapaligiran na ginagalawan mo, 'yun ka.

213 Halimbawa na lang sa isang munting dalagita, munting binatilyo, na ilagay n'yo sila rito, hayaan n'yong makitira kasama ng isang tao. Halimbawa na lang sa isang lalaki, marahil ang anak kong lalaki't, hahayaan siyang lumabas nang isang

araw kasama ang isang tao; pagpasok ko, masasabi ko sa inyo sa tuwina kung sino ang nakasama niya. Tunay nga. Masdan n'yo, ang kapaligiran na 'yun, talagang mahahagip siya nung espiritu na 'yun.

214 Pumunta ka sa isang simbahan, kung saan ang lahat ng mga naroon. . . pumunta kayo sa mga iglesya na may Espiritu Santo, o—o mga simbahang Pentecostal, gaya ng tawag nila rito. Hayaan n'yo silang lahat dun. . . Oh, patakbo-takbo sila't iniiling-iling ang kanilang ulo, ang mga pastor nga; tapos masdan n'yo ang buong iglesya na unti-unting ginagawa na rin ang ganoon. Hayaan n'yo ang mga kalalakihan, ang mga tao, na tumayo at—at magpatuloy sa terible nilang gawi, o kung anong iba pa; antabayanan n'yo na ang lahat ay aakto na rin nang ganoon. Pumasok kayo sa isang lugar kung saan ang pastor ay talagang pormal at malamig; antabayanan n'yo ang buong grupo na ganoon na rin ang asta. Pumasok kayo sa ganoong kapaligiran.

215 Kumuha kayo ng isang lalaking may mabuting moralidad, at ipakasal n'yo siya sa isang munting hamak na babaing mas may halaga pa sa kanya ang diyes sentimo; di magtatagal 'yung lalaki'y mas may halaga na ang diyes sentimo kaysa sa kanya. Ganoon ang nangyari kay Ahab. Kumuha kayo ng ganoon din, pero kabaligtaran naman, hayaan n'yong pakasalan ng isang mabait na munting babae ang isang lalaki na mas may halaga pa sa kanya ang diyes sentimo; malalaman n'yo na lang, ginagawa na rin nung babae ang parehong bagay na ginagawa nung lalaki.

216 Marami nga akong matutunguhan, ngayong umaga, at maituturo ng mga kamay ko na mga munting nawasak na tahanan at mga bagay na tulad nun, kung saan sinusundo ng kalugod-lugod na mga munting nanay ang manginginom na mga tatay, at mga bagay na ganoon, at inaakalang may magagawa sila sa tatay na 'yun, at ngayon ang buong mag-ina nga't lahat sila'y umiinom na't kung ano na ang asal. Ito nga'y dahil sa kapaligiran.

217 Ano ito? Ang diyablo ito. Ang diyablo ito, ang pananakop. Sinakop niya ang bansang ito, na gaya ng isang leon na umaatungal. Inilagay niya ang kanyang sarili dito sa pinaka mainam na lugar na mayroon sila, sa Hollywood. Sabi niya, "Puwede kong madala 'yung mga pelikula rito na maipalabas ang mga 'yun sa telebisyon, pagkatapos mabibitag ko sila." At nauupo siya roon.

218 At ang mga taong nagsisimba, sa halip na ipasara ang mga palabas at huwag papuntahin ang mga anak nila roon, binibigyan pa nila ng diyes sentimo sa hapon ng Linggo at pinapupunta sila roon, para sila rin ay makapagsugal sa isang munting dako ng pakikipagsosyalan, makapag-solo at kung saan-saan mapapadpad. Oh, napakalaking kahihiyan. Ngayon

isang bukas na lang sa telebisyon at pinapanood nila ang lahat ng marurumi't, bulok na mga kahibangan na mayroon sa mundo, rito. Siyanga.

219 Wala akong anumang laban sa pelikula. Wala akong anumang laban sa telebisyon. Kundi ang mga bulok na bagay na naroon. Yun nga. Kung pinanatili n'yo sana ang moralidad dito, nanatili sana ang moralidad dun.

220 Hindi ka na makakapagbenta ng lumang-modang sapatos na de butones dito sa bayan, sa panahong ito, ano't anuman. Ayaw na 'yun ng mga kababaihan. Gusto nilang nakalabas 'yung mga daliri nila sa paa. Ganyan na ang ginagawa ng iba pang mga kababaihan. Siyanga.

221 Kapag pupunta kayo sa simbahan, hindi mo na sila maaalok ng makalumang relihiyon, dahil, 'yung isang babae kasi roon, ayaw niya, ayaw, ayaw niyang magkaroon ng anumang kinalaman doon. Ayaw, na. "Hindi ko na kailangan pumunta pa roon. Basta makasampalataya lang ako, 'yun lang naman 'yun." Oh, kapatid, ang diyablo man ay nananampalataya, rin. Siyanga. Magsisisi ka't kung hindi'y mapapahamak ka.

222 Ngayon, pasensya na po; hindi, hindi po. Hindi, hindi nga. Hindi, binabawi ko 'yun. Mahal ko ang mga tao. Anupa't ganoon na lamang ang aking—aking—aking—aking pagmamahal sa inyo na di ko maaatim na makita kayo na bumulusok na ang ulo sa ganoon. Loobin ng Diyos, tatalakayin ko ito sa ibang pagkakataon sa sanlinggong ito.

223 Ngayon, sa inyo na mga nanay na mga nanay, isang pabaon lang na pananalita para sa inyo bago kayo umuwi. Pagpalain kayo ng Diyos. Palakihin n'yo nang tama ang inyong mga anak.

224 Itutuloy natin itong tungkol sa pananakop; kailangan pa nating dumako ukol sa mga tahanan, at maraming lugar, mga eskuwelahan, at doon sa iba't ibang dako ukol dito. Itutuloy natin ito.

225 Anupa't, ang pananakop sa Estados Unidos, nasakop na siya ng diyablo. Huwag kayong matakot sa Rusya. Walang kinalaman ang Rusya. Tayo mismo ang may gawa, ang sarili nating kabulukan sa mismong kalagitnaan natin. Siyanga.

226 Alam n'yo ba, mas maraming kaso ng diborsyo sa Estados Unidos kaysa sa buong mundo? Mas maraming diborsyo; isipin n'yo 'yun. Kakila-kilabot ba? Nasira na ang pagiging nanay. Hindi na nananatili sa bahay ang mga nanay para masamahan ang kanilang mga anak, gaya dati. Kailangan may trabaho sila.

227 Dito noong isang araw, may isang lalaki na may-ari ng groseri dito sa bayan, ang nakausap ko tungkol dito. Yung mga babae raw na nagtratrabaho sa mga planta rito sa bayan, na mga bata-bata pa na mga kababaihang may asawa't maliliit na mga anak. Kumuha sila ng mga yaya para mag-alaga sa kanilang mga

anak. Dahil nagtratrabaho sila sa mga lugar na ito sa bayan. Sabi, “May dalawa sa kanila na nakatayo roon, noong matanggal sila sa trabaho nila, sa pagawaing-bayan, sabi, ‘Huwag kang mag-alala. Makakaraos din tayo, kahit papaano.’”

228 Oh, kaya grabeng oras ng prostitusyon ang napipinto. Tunay. Sinabi sa kanila ng diyablo na sila na ang boss ng bahay. Dapat kikita raw sila ng sarili nilang pera. Magagawa na raw nila ang anumang gustuhin nila. At sige’t subukan n’yong alisin ’yun mula sa kanila, kung kaya n’yo.

229 May isang bagay lamang na makapag-aalis nito sa kanila, ’yun ay ang altar, sa harapan ni Jesus Cristo, isang makalumang, pag-aagos ng luhang relihiyon na dudurog sa kanilang mga puso’t kokondenahin sila, at ibubunsod sila na maging kung ano mismo dapat sila. Siyanga.

230 Iniisip man nilang isa akong makalumang konserbatibo. Pero sa araw na ’yun kapag mamamatay ka na, kapatid kong lalaki, kapatid na babae, mapagtatanto n’yo na ang sinabi ko sa inyo’y ang Katotohanan. Siyanga.

231 Siya’y naroon, sa pananakop, narito na ang oras. Ngayon, ngayon, oo, isang oras ng pagpapasya, rin, isang oras ng pagpapasya; hindi para dumalo lang sa simbahan, kundi isang oras ng pagpapasya kung paglilingkuran mo ba si Cristo o mananatili kang sala-sa-init sala-sa-lamig sa iyong simbahan. At ganoon nga.

232 Maraming miyembro ng simbahan. Kung ang lahat ng mga miyem-. . .o mamamayan ng Amerika na nag-aangking mga Cristiano sila, ay maging mga tunay na Cristiano, mga Cristianong ipinanganak muli, kapatid, magiging ligtas tayo kung papaanong ligtas kayo sa Langit, halos, mula sa mga digmaan at mga kaguluhan, siyanga, po, lilisanin ng mga sakit ang lupain, at lahat na ng iba pa.

233 Hindi ba’t magiging maganda na pagpunta mo sa lansangan at makikita na dadaan ang isang binibini, at lalaki, “Kumusta ka, kapatid na babae? Magandang umaga, kapatid na lalaki”? Naglalakad, walang. . .Na wala kayong ipag-aalala sa mundo. Na ang lahat ay sadyang nasa kaayusan at maigi. At ’yung tao na paparating sa kanto nung kalye; sa halip na akma kang sasagasaan, hihinto siya, sasabihin, “Buweno, kapatid. Buweno, sige’t ikaw muna. . .Oh, ikaw muna bago ako,” kita n’yo, sadyang mas gugustuhin niyang. . .Hindi ba’t magiging kaaya-aya ’yun? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Makakamit natin ’yun, pero sa Milenyum na ’yan, kapatid. Sadyang darating ang Araw. Siyanga. Kaya ngayon hindi tayo. . .

234 Nakatayo ako dito sa atin, noong isang araw; wala po akong anumang laban sa lugar natin, pero napansin ko ang mga munti nating mga anak. Umiiyak ang maybahay ko. Isang doktor sa

bayan dito, 'yung munti niyang anak na babae'y kasa-kasama niya ang munting anak kong babae, at kinagigiliwan nila ang isa't isa; hanggang sa malaman nilang ang pangalan niya'y Branham, at anak siya ni Rev. Branham. Yun na ang huli. Hindi na maaaring sumama 'yung munting bata sa munting anak kong babae. "Grabe," sa isip-isip ko, "buweno, ayos lang."

235 Ang ilan sa mga nag-aalalang kapitbahay ang nagpunta roon, sabi, "Buweno, ayos lang 'yan." Tapos, pumunta sila sa pastor nila. Kahit hindi n'yo sabihin sa akin. Alam ko, ako'y—ako'y may pamamaraan para malaman ang maraming bagay, kita n'yo. Pagkatapos nga sila'y—sila'y pumunta sa kanilang pastor, at sabi, "Alam n'yo po, may isang lalaking nakatira sa lugar natin, na napakabait sa mga anak natin." Sabi, "Si Rev. Branham po. Tinitipon niya sila, isinasakay sila sa maliit na luma niyang trak, at ipinapasyal sila."

236 Sabi, "Buweno, uh, *Ahem!* Wala tayong anumang laban kay Rev. Branham. Ayos naman siya, pero, kita n'yo, iba lang siya kasing klase ng tao kaysa sa atin." Oo. "Tayo, kung sa akin—sa akin lang ay huwag n'yong. . .alam n'yo na, hindi ko naman sinasabing. . .Ayos lang 'yan na makausap n'yo sila't, maging palakaibigan kayo, pero 'yan na dapat ang huli."

237 Oh, kapatid! Nakatayo nga roon ang asawa ko, napaiyak. Sabi ko, "Mahal, guhit 'yan na naghihiwalay. Sa ganang akin at ng aking sambahayan, tayo'y maglilingkod sa Panginoon."

238 Bagamat buong sanlibutan ay bumigay; si Jesus Cristo pa rin! Kahit tawagin man akong panatiko, kung iwasan ako ng aking kamag-. . .ng kapwa ko, at mga ganoong bagay, pipiliin ko pa rin si Jesus Cristo. Manghawakan ka sa di-nagmamaliw na kamay ng Diyos. Kapag tinalikuran ka ng mga kaibigan mo rito sa lupa, siyanga't mas kumapit ka pa rin sa Kanya. Manghawakan ka sa Kanya.

239 Diyos, ibunsod Mo pong makapangaral ako na gaya ng di ko pa nagagawa kailanman. Iyong ibunsod na makapangaral ako sa mga taong naghihingalo, bilang isang taong naghihingalo, rin. Ibunsod ako na makapangaral sa mga tao na para bang wala na akong kasunod na pangangaral na maipapangaral. Ibunsod ako na mahikayat sila na dumulog sa may altar, na ang mga mukha'y inaagusan ng luha; na uuwi sila't mamumuhay na gaya ng mga Cristiano, at mamumuhay sa mga pamayanan nila. Na ititigil na itong lahat na mga paglalayaw-layaw at patakbo-takbo sa paligid, at pagtalon-talon at kung anu-ano na ginagawa; at 'yung pag-aakto nang *paganito*, at pagsambulat nang *paganito*, at pagiging *ganoon*. Oh, hindi sila ang may gawa nun. Ang diyablo 'yun. Dumadako ang mga espiritu ng demonyong 'yan sa mga Cristiano.

240 Alalahanin n'yo, 'yung mga ministro doon, sila 'yung mga propeta na naroon noon. Sila 'yung mga propeta. Sila'y mga

lalaking relihiyoso na naghahandog ng hain. Kasing relihiyoso sila ng mga tagapagturo sa panahong ito, pero, kapatid, malayong-malayo sila sa pagkakaalam sa katotohanan.

241 Hindi n'yo ba nakikita kung gaanong karelihiyoso ang diyablo? Ang diyablo ay hindi anti-, na napakalaking bagay na gaya ng komunismo, na buong laban sa Cristianismo. Hindi 'yun. Yun din ay, oh, buweno, sa diyablo, rin naman, pero hindi 'yun ang anticristo. Napakarelihiyoso ng anticristo, napakarelihiyoso. Isang relihiyosong espiritu ang nagpapako noon kay Jesus sa krus. Noon pa ma'y isang relihiyosong mundo, isang relihiyosong bayan, ang nagpapako sa krus. Mga relihiyosong tao ang laban sa tunay na Cristo. Mga relihiyosong propeta ang laban noon kay Micaya. Mga relihiyosong tao ng panahong ito ang laban sa Mensahe ng Diyos.

242 Tandaan n'yo, binabalaan ko na kayo. Sinabi ko na sa inyo. Hindi ako nangungusap gaano na pinatutungkulan ang Katolisismo, at Baptist at Methodist; ang tinutukoy ko mismo ay ang mga holiness, sa mga hanay mismo na ito. Tingnan n'yo ito sa panahong ito, kung paano ito nakatawid at nakikita ang ganoong eksena. Oh, grabe. Iniisip ko ito, minsan. At nadudurog ang puso ko sa kalooban ko.

243 Tumatayo noon na hawak ang lumang banjo, kinakalabit ang lumang banjo na 'yun, at pinatutugtog nang paganoon ang lumang biyolin, "Ito ba ang cowboy ng Texas na si *Ganito-at-ganoon*?" Wala akong anumang laban sa tao; pero nabibilang 'yun doon sa mundo sa labas. Siyanga. Mas gugustuhin kong tumayo, kapatid, na walang kahit anong dalang bagay, wala nga't, wala talagang anuman, kundi tatayo lang doon at itataas ang mga kamay ko at magsasabi, "Jesus, panatilihin Mo po akong malapit sa krus." Siyanga, po.

Ang krus na inilaan ay aking ipapasan,
Hanggang sa kamatayan ako'y pakawalan sa aking pasan-pasan,
At ako'y uuwi na sa Tahanan na ang ulunan ay napuputungan,
Sapagkat may isang putong na sa akin ay laan.

244 Sa inyo po na mga munting nanay rito ngayong umaga, na mapasa hanggang ngayon ay tunay na mga nanay mismo, at alam kong marami kayo; sa palagay ko, bawat isa sa inyo. Hayaan n'yong may sabihin ako sa inyo. Pagpalain kayo ng Diyos. Kayo ang ikalimang Ebanghelyo, sa palagay ko. Hayaan n'yong may sabihin ako sa inyo ngayon na para naman sa mga anak n'yo, na isang munti lang na bagay. Dahil, ipapangaral marahil ni Kapatid na Neville ang tungkol sa . . . tungkol sa nanay ngayong gabi, o kung sino po, isa sa amin ang mangangaral, buweno, tungkol sa nanay. Pero, pakinggan n'yo, hayaan n'yong tanungin ko kayo ng isang bagay.

245 Naaalala n'yo, noong maliit pang bata si Moises, isang nanay ang nagturo sa kanya. Isang nanay na maka-Diyos na kandong ang munting Moises sa kanyang mga tuhod, at nagsabi, "Moises," haya't itinuro sa kanya ang lahat. Siya ang naging kanyang guro, o, siya'y naging kanyang tagapagturo, pala, sa ilalim ng Faraon, at nagsabi, "Ngayon, ang mga bagay na ito," sabi, "Moises, balang araw ay ililigtas mo ang mga anak ni Israel. Ikaw ang batang tinawag. Panatilihin mong dalisay ang iyong sarili't hindi ka mabahiran ng salibutan, dahil ikaw yaon. Ikaw yaon."

246 Wala tayong alam na tala, kung saan man na siya'y pumasok kailanman sa alinmang seminaryo, alinmang turo, na nakamit niya. Nanatili siya mismo sa palasyo ng Faraon, na isang pagano; pero tinuruan siya ng kanyang nanay. Isa nga 'yung tunay na nanay. Tinuruan siya ng nanay niya ng mga alituntunin ng Panginoon. Sinaysay ng kanyang nanay sa kanya kung paano dapat siyang magpakabanal. Sinaysay sa kanya kung paano't kung ano ang dapat niyang ipamuhay, at kung paano, kung anong kailangang gawin ng Diyos, o gagawin para sa kanya. At nanatili 'yun kay Moises sa lahat ng mga araw ng buhay niya.

247 At sinumang mabuti't, totoo, na tapat na nanay na kakandungin ang kanyang mga anak na paslit, sa halip na payagan silang magsipunta sa mga sine't mga sayawan, at iba pang tulad nun, at kakandungin niya sila't tuturuan sila tungkol sa Panginoong Jesus Cristo.

248 Dito noong isang araw, kausap ko ang isang nanay sa telepono. At sabi nung nanay, "Oh, Kapatid na Billy," sabi niya, "may problema ang kaawa-awa kong anak na lalaki." Sabi, "Oh, napakalaking problema ang kinasasangkutan niya."

249 Sabi ko, "Oo, alam ko ang tungkol dito, kapatid, na minamahal." Sabi niya, "Maaaring mali ang anak ko. Hindi ko alam." Sabi, "*Ganito* kasi ang sinasabi nung isa't *ganoon* naman 'yung sinasabi nung isa pa. Hindi ko alam. Pero," sabi, "mali man siya o tama, mahal ko siya." Hayan nga, "Mahal ko siya."

250 Sabi niya sa kanyang nanay, sabi, "Labis akong nalinlang ng *ganito* at *ganoon*." Sabi, "Nanay, naniniwala akong ikaw lang ang tanging minamahal na mayroon talaga ako; isang babaing tapat sa akin, at di ako iiwan." Ganoon ang pagmamahal ng isang nanay. Ganoon mismo ang isang tunay na nanay na yumayakap sa kanyang anak. Tama man ang anak o mali, nandiyan pa rin ang nanay. At kung ang Diyos. . . Kung ganoon ang naiisip ng isang nanay tungkol sa kanyang anak, gaano pa kaya ang naiisip ng Diyos ukol sa mga anak Niya. Kita n'yo? Manatili kayo mismo na kasama Niya. Pumunta sa tama.

251 At ngayon ay hayaan n'yo lamang na sabihin ko sa inyo ang isa pang nanay, nang mabilisan, sa Biblia, bago tayo magtapos. May isang nanay na tinatawag na Herodia. Tinuruan niya ang kanyang anak na babae na magsayaw. Gusto niyang maging

sikat ang anak niyang babae. At nagsayaw ito sa harapan ng hari, at hiniling niya ang ulo ni Juan Bautista. Mayroon tayong tala ng pitumpu sa kanyang mga naging supling, nitong dalaga na sumayaw sa harapan (ang anak na babae ni Herodias), na nagsayaw sa harapan ni Herodes; pitumpu sa kanyang mga supling, ang namatay na patotot o namatay sa mga bitayan.

252 Isang nanay na tinuruan ang kanyang anak ng mga bagay ng sanlibutan; isang nanay naman ang nagturo sa kanyang anak ng mga bagay ng Diyos. Naging mahusay na tagapamuno ang isa't naging isang mananagumpay, na ginugunita sa gitna ng mga tao maging hanggang ngayon; at 'yung isa nama'y nagpakasama't nasa impyerno, at natangay niya ang makalibong ilang libo. Nakikita n'yo ba ang ibig kong ipahiwatig? "Palakihin n'yo ang bata sa dapat nitong lakaran."

253 At tunay na nakikidalamhati ako sa inyo na mga kaawa-awang nanay na nakaupo rito na may suot na puting rosas. Mayroong Langit na pinuntahan na ng isang nanay, ngayon, kung saan ang isang mabuting makalumang nanay na nabuhay para sa Diyos, ay marahil lumipat na sa kabila ng tabing. Hinihintay niya ang inyong pagdating. Siyanga.

254 Iginagalang at pinararangalan ko maging kayo riyan na mga may suot ng pulang rosas. Ang inyong nanay, kung gusto n'yong gumawa ng anumang bagay para sa kanya, gawin n'yo ito nang tatlong daan at animnapu't limang araw sa isang taon. Pumunta kayo sa bahay niya't maghandog ng panalangin, at mabuhay para sa Diyos. Yun ang bagay na dapat gawin. At palakihin n'yo ang inyong mga anak. At sa paglaki ng inyong mga anak, tatawagin nila kayong "pinagpala," matapos na kayo'y lumipat na sa kabila ng tabing. Yan ang tunay na espiritu ng pagiging ina, ang tunay na espiritu ng araw ng mga nanay. Ang araw ng mga nanay ay tatlong daan at animnapu't limang araw sa isang taon.

255 Ito 'yung araw na nagbebenta sila ng mga bulaklak at namimigay ng mga regalo, ang mundo nga. Kung maglaon pa, kung tatagal pa ang mundo ng dalawampung taon pa, magkakaroon sila ng araw ng mga anak na lalaki, araw ng mga anak na babae, at araw ng mga pinsan, at araw ng mga tiyuhin, at lahat na ng ganoong mga bagay, para sumapit ang mundo sa isa na namang pambibighaning pangkomersyo. Sadyang doon na ito papunta, patungo mismo sa impyerno, nang sadyang pabulusok, tungo sa pagkawasak.

Pero, kayo, pagpalain kayo ng Diyos, 'yan ang panalangin ko. Manalangin tayo.

256 Aming mabait na Makalangit na Ama, sa aming pagbabalik-tanaw, ngayong umaga, sa aming mga isipan, pabalik doon, ilang daan taon na ang nakalipas, noong tumayo roon si Josaphat na tumindig dun sa tabi ng Haring Ahab. At may isang munting

Espiritu roon sa kanyang puso, na natitira pa rin para sa Diyos, bagamat nakagawa siya ng pagkakamali, na nagsabi sa kanya, sabi, "Mali ito. Mali ito. Hindi ito malinis. Hindi ito banal. Sinabi ng propeta na ang mga bagay na ito'y di maaaring magpatuloy nang ganito." At ginising siya ng munting Apoy ng Diyos.

257 At pagkatapos ay mayroon Kang isang lingkod na tumugon sa munting Apoy na 'yun, si Micaya, ang tunay na propeta ng Diyos. Bagamat nagpunta marahil siya roon na mala-basahan ang suot, bagamat nagpunta siya marahil doon na inaalipusta, at nakatingin silang lahat sa kanya na para bang nakatingin ang isang pangkat ng mga lobo sa isang kordero. Pero sinaysay pa rin niya ang katotohanan, kahit na nasampal pa siya sa mukha, kahit na ipinatapon pa siya sa bilangguan at pinakain ng tinapay at tubig ng kadalamhatian. Pero, ganoon pa man, nangyari ang mga salitang sinabi niya, dahil Ikaw po'y kasama niya.

258 Diyos, ipagkaloob Mo po, ngayon, at sa pagtunghay namin sa Bibliang ito. Tinitingnan namin ang mga aklat ng iglesya't, ang mga dekalogo't, ang iba pa, ng mga iglesya, ang mga rituwal, at nakikita kung paano nilang ginagawa ang *ganito*, *ganoon*, o kung anong *iba pa*. Pero Iyo pong ibunsod na tumingin kami sa tunay na Salitang ito rito, at tingnan kung ano ang sinasabi Nito: "Kung walang kabanalan, walang sinumang makakakita sa Panginoon. Pagsikapan n'yong magkaroon ng kapayapaan at kabanalan, na, kung wala nito, walang sinuman ang makakakita sa Panginoon. Ang umiibig sa sanlibutan, o sa mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa kanya."

259 "Sa huling mga araw ay darating ang mga panahong mapanganib. Ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili, mapagmalaki, mayayabang." Oh, ang mga teribleng bagay na 'yun, Panginoon, na nangyayari na. "Matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan sa halip na mga maibigin sa Diyos; na tinuturuan ang mga tao ng mga alituntunin ng—ng mga tao sa halip na ang mga utos ng Diyos; na may anyo ng kabanalan, at tinatanggihan ang kapangyarihan ng Espiritu Santo" para mapuspos sana ang isang tao ng Espiritu, para ibunsod siya na magalak, para patuluin ang mga luha sa kanyang mga mata, para ibunsod siya na humayo sa labas at manalangin para sa mga maysakit, para ibunsod siya na magsalita ng iba't ibang wika at magpaliwanag, para ibunsod siya na makapagpropesiya. Ang Espiritu ng Diyos, ang buhay na Diyos, dinala lamang nila Ito sa kung anong samahan o parang ganoon, "May anyo ng kabanalan, at tinatanggihan ang kapangyarihan nito."

260 Oh Diyos, ang munting mga tagapakinig nawa rito, sa araw na ito, ay gumising na nang dagli't, ngayon na, bago dumating ang huling panahon, at madatnan kami sa ganitong kalagayan. Kami nawa'y, muling mapagbago ang aming sarili, gaya ng sinabi ng Biblia, "Ikaw ay bumangon at gisingin ang iyong sarili.

At ipagtanong ninyo ang sinaunang daan, na siyang mabuting daan, at kapag natagpuan ninyo ito, ay lumakad kayo rito." Diyos, Iyo pong ipagkaloob na matagpuan namin ang sinaunang mahirap na daan, kung kailan makatitindig kami na sama-samang muli, na daan-daan ang bilang, at maghawakan ng kamay at aawit.

Tatahakin ko ang daan kasama ng ilan na sa
Panginoon ay kinamuhian.
Kasama si Jesus na hakbang aking sinimulan
at ngayon patuloy na sa aking nilalakaran.

Diyos, tulungan Mo po kaming maipamuhay 'yun at maging ganoon.

261 Pagpalain Mo pong lahat ang mga minamahal na mga nanay na nakaupo rito, Panginoon; nalalaman na sila'y mga nanay rin, mismo, na may suot na nakaperdibleng puting rosas sa kanilang mga balabal, ngayong umaga, bilang alaala ng isang sinisintang matandang nanay na lumipat na sa ibayo ng eksena. Oh Panginoon ng Buhay, pagpalain Mo po sila, Panginoon. At mapagpala nawa sila, siyanga rin naman, at ang alaala ng kanilang mga anak ay maging tulad ng mga alaala nila sa kanilang nanay, kung siya'y magtungo na sa kabila ng tabing, tungo sa isang maluwalhating Langit. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

262 At isang umaga kapag pahinto na ang buhay sa aming mga ugat, at ang aming paghinga'y pumapalya na, ang tabing ay magbubukas; bababa siya, marahil, sa dulo ng Jordan, upang tulungan kami. Oh, sa maluwalhating araw na 'yun kapag inihakbang na namin ang aming mga paa't tumuntong na kami sa dako roon, kung saan wala nang. . . Ang hangin ay hindi na kontaminado ng usok ng sigarilyo. Wala nang lasenggo kailanman sa lansangan. Wala nang patotot kailanman. Wala nang kasalanan kailanman. Wala nang ganoon kailanman. Kundi, sa maluwalhating magpakailanman, ay mabubuhay kami nang payapa't kasama ng aming Panginoong Jesus Cristo at ng aming mga anak. At, oh, napakagandang araw 'yun.

263 Oh Ama, habang namamayani ang matinding kadiliman, ang labanan, at ang diyablo na sinasakop ang mga bansa, at sinasakop ang mga pulpito, sinasakop ang mga iglesya, sinasakop ang mga tao, sinasakop ang mga negosyo, sinasakop ang mga siyudad, at ang mga eskuwelahan at ang mga tahanan; Oh Diyos, tulungan Mo po kaming makapanindigan, na bunutin namin agad ang tabak at makipaglaban para sa Diyos, gaya ng ginawa ni Moises at ng—at ng mga Levita roon noong nasa kampamento ang kasalanan. Tulungan Mo po kami, Panginoon.

264 Patawarin Mo kami ngayon, at pagpalain kami. At panatilihin kaming mapagpakumbaba't, basagin Mo po kami, Panginoon. Oh Diyos, ang sabi Mo, "Siyang lumalabas, na

naghahasik na lumuluha, ay walang alinlangang babalik muli, na nagagalak, dala ang kanyang mga bigkis ng inani." Oh Diyos, basagin Mo po kami. Hubugin Mo kami, muli, Panginoon. Masyado na kaming nalilihis nang landas.

265 Ako, mismo, Panginoon, humahantong na ako sa isang kalagayan kung saan iniisip ko kung gaano kayang karami ang dadalo sa pagtitipon ko. Oh Diyos, ang nais ko'y Ikaw po ang dumalo. Pumarito Ka, Panginoon! Oh Cristo, pumarito Ka Panginoon! Basagin Mo po ako; hubugin akong muli. Oh Panginoon, huwag, kailanman na hayaan akong makapag-isip ng mga bagay na ganoon. Diyos, ilayo Mo po ang mga 'yun sa akin.

266 Tulungan Mo ako, Panginoon, na makapangaral, gaya ng sinabi ko, kanina, na gaya ng isang taong naghihingalo na nangangaral sa mga tao na naghihingalo rin, yamang nalalaman na haharap at haharap kaming lahat sa Walang Hanggan. Kailangan naming tumayo sa harapan Mo; sa panahon na wala Ka na sa Iyong nalulugod na kalagayan, wala Ka na sa awa, sa panahon na nakatayo Ka na nang wala nang habag; sa panahon na tatayo Ka, na galit, upang magdala ng kahatulan sa mga bansa at sa mga tao na hindi tinanggap at tinanggihan ang pag-ibig ng Iyong Anak.

267 Diyos, pagkalooban Mo po ako ng kaawaan sa piling Niya ngayon, upang makatayo ako na may katiyakan sa araw na Iyon. Marahil umiiyak ako ngayon, pero papahirin Mo po ito, sa kagalakan, sa panahong 'yun, sa sandali na sabihin Mo, "Pumasok ka sa kagalakan ng Panginoon, na inihanda para sa iyo mula sa pagkatatag ng sanlibutan." Diyos, samahan Mo po kami ngayon, at tulungan kami, 'yan ang aming dalangin, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

54-0509 Ang Pananakop Sa Estados Unidos
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org